Paano Ako Makapananagumpay?

Jeffersonville, Indiana, USA
Agosto 25, 1963

1 Tayo'y magsiyuko para sa panalangin.

Ama namin, pinasasalamatan Ka namin sa umagang ito dahil sa dakilang panahong ito mg muling pagsasama-sama at upang buksan ang Salita ng Panginoon at ilapag Ito sa aming harapan. At - at kalakip ang panalangin namin ngayon na kunin ng Espiritu Santo ang sa Diyos at ihatid iyon sa amin, upang magawa namin lisanin ang dakong sambahan na ito sa araw na ito nang masaya ang aming mga pusong puspos ng kagalakan , at makita ang Iyong dakilang kapangyarihan magligtas, kung paano nito inililigtas ang mga bihag at sila,y pinalalaya, na ipinaaalam sa amin ang mga bagay na naganap na, sampu na nagaganap sa kasalukuyan, at yaong paparating. At sadyang pinasasalamatan Ka namin dahil sa mga bagay na ito.

Idinadalangin namin na pagpalain Mo kami habang sama-sama naming pinagaaralan ang Iyong Salita ngayon. At sa aming pag-alis, masabi nawa namin sa aming mga puso habang kami ay humahayo sa daan , "Ang mga puso natin ay nag-alab sa ating kalooban habang Siya, ang Espiritu Santo, ay nangungusap sa atin habang tayo ay nasa daan.."

2 Pagpalain Mo ang bawat ministro sa araw na ito sa bawat dako, ang Iyong mga lingkod na naninindigan para sa Katotohanan Mong ito. Tugunin Mo ang kanilang mga dalangin para sa may sakit. Pagalingin Mo ang mga maysakit na katawan niyaong mga nagbabata.

Panginoon, nais naming hilingin na Ika'y pumaroon sa gitna ng mga tao, at hanapin Mo roon ang predistinadong binhi, Panginoon, at ilapit iyon sa anumang paraan upang sumilay ang Liwanag sa kaniyang daan, Panginoon, sapagkat naniniwala kami na gumagabi na: ang araw ay mabilis nang lumulubog sa kanluran. Pagkatapos ay maglalaho na ang oras. At ang oras at ang eternidad ay maghahalo na kapag ang Diyos at ang Kaniyang bayan ay magsama na. At dinadalangin namin, Diyos, na sa oras na iyon ay mapabilang kami doon sa mga magiging kaisa ni Cristo, na kung tawagin ay kaniyang Nobya. Tulungan Mo kami sa araw na ito habang kami ay naghahanda,(sapagkat hindi namin nalalaman kung ano ang hatid ng bukas, ngunit kami ay nakahandang tumanggap ng anumang bagay, Panginoon, sa abot ng aming nalalaman na Iyong inilaan para sa amin; nakahanda kaming tanggapin iyon. Hinihiling namin ang pagpapalang ito sa kaluwalhatian ng Diyos sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Maaari na kayong magsiupo. . . ? . . .

3 Totoong nasiyahan ako sa umagang ito nang ako'y pumasok at nakita ko na ang - ang mga tao ay nagkatipon upang maglingkod sa Panginoon. At

tao'y magbibigay ang anunsiyo ngayon para mamayang gabi. Pagkatapos ng gawaing pagpapagaling mamayang gabi. Tayo'y manananalangin para sa mga may sakit mamayang gabi. Ilang sandali pa lang ang nakararaan habang -

Nang ako'y pumasok, sinabi ng anak kong si Billy,"Mat isang - isang ginoo rito na sadyang nahirapang bumiyahe patungo rito mula sa malayo" at ang sabi niya, "Pinapasok ko siya sa silid, Dad."

4 Ako'y - ako'y ginabi ng uwi kagabi at - at hindi ako nakapag-aral nang husto tungkol sa paksang Pang-Sunday School na aking tatalakayin sa umagang ito, kaya't dumampot na lang ako ng ilang munting mga tala na nakuha ko mula sa naririnig kong ipinangusap ng ibang mga kapatid, at kumuha ako mula roon ng isang teksto upang kahit paano ay magkaroon tayo ng Pang-Sunday School ngayong umaga, at habang naghahanda tayo para sa gawain mamayang gabi.

At ang sabi ni Billy, "May lalaking maysakit doon sa loob," ang sabi, "Sana'y makadaan ka at tingnan mo siya." Kaya't pumasok ako sa silid ngayun-ngayon lang, at isang kapatid na halos kasing tanda ko at ang asawa niya ay nakaupo roon, at nanaog sa aming kalagitnaan ang Espiritu Santo doon sa silid ngayun-ngayon lang.

Isipin n'yo lang, kababanggit lang natin ang tungkol sa gawaing pagpapagaling, at hayun na Siya. Kita n'yo? At sinabi Niya sa kapatid na ito ang tungkol sa lahat ng ginawa niya, at kung ano ang matagal na niyang ginagawa, at kung anong naging sanhi ng kanyang sakit, at kung saan siya nanggaling, at—at ang lahat ng tungkol sa kaniya. At may nakalutang na malaking aninong maitim doon sa loob ng silid; pagkatapos ay nagsimula iyong magliwanag, nagliwanag nang nagliwanag nang nagliwanag; nang magkagayo'y ang Espiritu Santo na ang namahala.

5 Ngayon, sa palagay ko ang lalaking iyon ay nasa - saan diyan sa likuran ngayon. Siya at ang kanyhang maybahay, marahil ay hindi makapasok sa gusali, ngunit ang sabi nila ay mananatili sila anu't anuman para sa gawain. Nanggaling sila sa dakong malapit sa Yakima, Washington, at naglakbay patungo rito. At isa siyang ministro ng Ebanghelyo.

Ngunit para lang makita ang biyaya ng - ng Diyos doon, kung saan ang lalaking iyon ay nanggaling

na sa isang institusyon at sumailallim na ng mga panggagamot at lahat na, inihayag ng Espiritu Santo ang lahat ng iyon. Samantalang sinisikap ng mga duktor na dgawin ang lahat ng kanilang makakayanan, marahil para sa lalaking iyon, ngunit ang kinakailangan lang ay yaong isang munting hipo mula sa Diyos upang mabaligtad ang takbo ng pangyayari. Mabuti ang "shock treatment", ngunit tulad iyon sa kung tawagin natin ay "tsambahan", alam n'yo na. Kayo'y . . . Maaarin iyong magpalala sa iyo (kita n'yo), pagkat malilimutan mo lahat ang alam mo, kapag inilagay nila sa iyo ang gamot na iyon. Ngunit ang — ang Panginoon Diyos, ganoon na lamang ang Kaniyang biyaya at habag . . . At bago pa man ako mag-alay ng panalangin sa kaniya ay gumaling na siya roon. Kita n'yo? Kinakailangan lang ang bagay na iyon mula sa Diyos, ang isang hipong iyon upang iyon ay mangyari.

Hindi ko dapat sabihin ito, ngunit . . . Siyanga , inilibot ko ang aking paningin, nakikita ko na ang lalaking iyon. Ano? Hindi ko alam kung makararating siya sa araw na ito o hindi.

6 "Doon sa lalawigan kung saan ako tumigil nitong linggong ito . . . mama - mahal ko ang mga kaibigan ko roon. Ito'y isang munting bakasyon lamang bago ganapin ang malaking pagtitipon ito. Nauunawaan n'yo ba? At umuwi ako at lumabas doon upang makapangaso ng iskwirel kasama ng mga kapatirang ito. At ang pamilyang ito, mga pamilya pala, na tinutuluyan ko doonay tunay na kaibig-ibig na mga tao. At ang - ang lalaking iyon ay isang totoong kapatid, mga totoong kaibigan sila.

At isa sa kanila ay napakahilig sa - sa mga asong gamit sa pangangaso. At mayroon siya roong isang kulungan punung-puno ng mga iyon. At - at doon ko nakita ang pinakamagandang aso: ang munting asong ito ay yaong tinatawag kong kalahating aso ang tangkad at dalawang aso ang haba, alam n'yo na, sila - yaong patakbo takbo roon sa bahay, at naisip ko, "Naku, iyon - hindi kaya maguluhan si Joe na magkaroon ng gayon?

7 At ang isang. . . anupa't doon sa Arizona ay hindi ko siya magagamit. Siya'y - pupunta siya sa mga cactus, at iyon na ang magiging katapusan niya. Kaya ang sabi, "Hindi ka maaaring magkaroon ng . . . Hindi sila gumagamit ng mga aso sa parteng iyon ng bansa, 'pagkat sila ay . . . Buweno sila'y - sadyang hindi nila magagawang gamitin ang mga iyon, sila'y . . . isa . . . isa pa . . . Ang klima, ang - ang kundisyon ng lalawigang iyon na may cactus, mamamatay sila. At gayundin, totoong ang aso roon, ang isang - papatayin din lang naman siya ng lobo, o ng iba pang marahil kapag lumabas siya.

Nang magkagayon ay sinabi ng lalaking ito sa akkin, "Sa iyo na lang siya." Ngunit hi—hindi ko iyon matanggap. Pi - pinagpahalagahan ko iyon. Nalaman kong isa pala iyon sa pinakapaborito niya aso.

8 At kaibig-ibig ang maybahay ng lalaking ito, sampung ilang maliliit na anak. At noong isang araw ay umaatras siya sakay ng kaniyang kotse(Old mobile ang kotse at ganiyan lang kahaba ang aso, tuta pa lamang) at nasagasaan niya siya. Nagulungan ng Old mobile ang likuran ng tuta at malala ang pinsala niya dahil ang mga batong nakakalat doon sa daan ay tumusok sa kaniyang munting tiyan sa gawing ito, alam n'yo na. At ang may bahay, sa halip na itakbo, ang tuta sa beterinaryo, anupa't patutulugin lang kaagad iyon ng beterinaryo saka papatayin. Kita n'yo?

May kasama akong isang binatilyo, at pagkarating na pagkarating niya roon ang sabi, "Kung akin ang asong iyan ay babarilin ko na lang," ang sabi, "ganoon lang, kaysa naman maghirap siya ng ganiyan."

Ang sabi ko "Aba, huwag nating barilin." Ang sabi ko. "Maghintay tayo ng kaunti." Pinaalis ang bawat isa, humayo ako at pinanalangin siya, at ang tuta ay sumunod sa akin sa balkonahe at, kita n'yo? "Anumang naisin mo, kapag ika'y nanalangin, sampalatayanan mong natanggap mo iyon; kakamtin mo iyon; iyon ay ipagkakaloob sa iyo." Anuman iyon! Iyan ang ating Diyos, hindi ba? Siya'y kahanga hanga at kamangha-mangha; at totoong iniibig natin Siya sa umagang ito, at iaasahan natin Siya, at nalalaman nating. . .

9 Binisita ko noong nakaraang araw ang isang - isang matandang magasawa, na ina'y ama ng - ng isa sa napakabuting miyembro ng - ng kongregasyon na ito ng mga mananampalataya. At ang ina ay, o, sa palagay ko'y mag-iisangdaang taong gulang na siya, at ang ama ay ganoon din. At halos labindalawang taon nang hindi nakakakilos ang lalaking ito sa kaniyang pagkakahiga, nakahiga na lang siya roon. Hindi siya makatagilid o anuman, nakahiga siya roon sa loob ng labindalawang taon, talagang matanda na siya. At ang ina naman ay halos kasing tanda na rin niya, sa palagay ko, halos isandaan taon na, at ang pobreng matandang babaeng iyon ay malapit nang mawalan ng kontrol sa kaniyang pag-iisip. Ang akala niya ay laging may nangangamkam ng lahat ng pag-aari niya. At kanina, tiningnan kko ang bawa't isa sa amin sa lamesa, bata at matanda na nakaupo roon, at sinabi ko. "Saan ba tayo patutungo? Ano ang gagawin natin?" At sila ang ama't ina ng butihing babaeng tinutuluyan ko doon. At ang sabi ko, "Ika'y patungo na rin diyan." Siya nga, bawat isa sa atin. Kita n'yo?

10 Pag-isipan n'yo lang ito sandali bago natin simulan ang ating aralin. Doon tayo patungo. Bakit kayo nakikipagbaka? Upang kayo'y mabubuhau. Bakit kayo nabubuhay? Upang kayo'y mamatay. Hindi ba't magiging napakahangal natin kung hindi natin tatanggapin ang probisyon ng Diyos para sa Buhay na Walang Hanggan? Ano ang maaari nating isipin? Ano - ano ang maaaring maisip natin na aagaw sa ating

pansin mula sa - patungo sa anumang bagay? Ano kaya kung may utang kang isandaang milyong dolyar, at may utang ka sa pamahalaan ng Indiana, o anumang iba pang pamahalaan, o maging sa bansa, o kung iyan ang pag-uusapan, sa buong mundo?

Mabuhay ka man ng mahaba, kailangan mo pa ring magtungo roon. Kita n'yo? At sa tuwina, araw-araw, sa bawat pagtibok ng iyong puso, palapit ka nang palapit doon. Kita n'yo, ika'y - wala kang panalo. Talunan ka, at ika'y - tiyak na matatalo ka. Ngunit alalahanin na sinabi ng pangako, "Sinumang mawalan ng buhay, alang-alang sa akin ay makakasumpong nito." Ngayon, ano ang mas hihigit pang kayamanan kaysa sa masumpungan ang Buhay na iyon? Malaman mo mang iyo ang buong mundo, ngunit kmung iyong - kapag nasumpungan mo ang buhay, nasumpungan mo na ang pinakadakilang bagay na maaaring masumpungan. Nais kong..

11 Tumingin ako sa aking kaliwa at nakita ko na naman, ngayunngayon lang ang isa pang tropeo ng biyaya ng Panginoon. May ilang linggo na ang nakaraan ay tinawagan ako sa telepono, at ang isang kaibig-ibig na miyembro ng simbahang ito, o katawang ito . . . Ayaw kong tawagin itong simbahan hangga't maaari; Na - nais kong tawagin ito na . . .

Gaya nang may nakausap akong ilang tao, ang sabi nila, "Buweno, anong simbahan ang kinabibilangan mo?"

Ang sabi ko, "Hindi ako kabilang."

"Anong denominasyon ba ang kinabibilangan mo?"

Ang sabi ko, "Wala." Ang sabi, "Buweno, ano'ng kinabibilangan mo?"

Ang sabi ko, "Isang kaharian."

Isang kaharian! "At sa isang Espiritu ay nangabautismuhan tayo tungo sa kahariang iyon, sa isang Espiritu, ang lahat ay pumasok sa kahariang ito. Ang sabi ni Jesus, "Manalangin kayo ng ganito: Mapasaamin nawa ang kaharian Mo, Mangyari nawa ang kalooban Mo dito sa lupa para nang sa langit." Ngayon, at tumayo Siya isang araw doon sa Bundok na Pagbabagong -anyo, ang sabi Niya, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na ilan sa mga nakatayo rito ay hindi makakatikim ng kamatayan hanggang sa makita nila ang kaharian na pumaparito sa kapangyarihan." At iyon ay naipakita na bago pa man gaya nang natalakay na antin, ang Bundok ng Pagbabagong-anyo. At nang Biblia ang nagsabi, "Ang kaharian ng Diyos ay nasa inyo." Samakatuwid ito ay mga tao ng kaharian na nagsasabing hindi ito ang kanilang tahanan. Hindi ito ang ating tahanan . Inaabangan natin ang pagdating ng Hari upang itayo ang Kaharian.

12 Tinawagan ako dahil sa isang biglaang kaso ng isang - isang matandang kapatid na lalaki na para ko na ring ama, at siya . . . hindi ko pa siya nakikilala nang matagal, ngunit naaalala ko ang araw na ipinasok ko siya rito para bautismuhan sa tubig. At ang lalaking iyon ay di na magtatagal at magiging siyamnapu't isang taong gulang na siya. At tinawagan ako ng kaniyang butihing maybahay, at dahil isa siyang nars, ang sabi niya ay lubos nang pumalya ang puso niya; bukod doon ay nagkaroon siya ng (oh, ang tawag ko - hindi ko masabi ang tawag sa atake sa puso [may nagsabi, "Coronary" -Ed] coronary, atake iyon sa puso, salamat) coronary heart attack at isa iyong malala na pagpalya ng puso. Ang duktor ay hindi nagbigay ng anumang pagasa. At ang lalaking iyon ay naghihingalo na, at pinatawag niya ako.

13 At sumakay ako sa aking lumang Ford at nagsimulang magbiyahe sa daan patungo sa Ohio nang simbilis ng aking makakayanan. At hindi ko namamalayan na ang isa pala sa mga gulong ko ay nakatabingi; natanggal ang goma nito. At nang magkagayon ako'y, paparoon na ako, pagkagaling ko sa isang gasolinahan mga ika-11 ng gabi, nag-alala ako tungkol sa kaniya. Mahal ko siya, at alam kong kung ang - kung magtatagal pa ang Panginoon, aba'y, sa malaon at madali ay kakailanganin nating - isuko ang isa't-isa sa atin.

Ngunit hindi iyon makakaapekto sa pag-agaw. Kita n'yo? Hindi sila ang unang babangon pagdating ng oras na iyon. Sa mga nauna nang yumao ibinigay ang pribelihiyong iyon. Sila ang unang babagon, kita n'yo, tayo na buhay pa at nangatitira hanggang sa pagdating ng Panginoon ay hindi makasasagabal o makahahadlang doon sa mga nangatutulog. Ang trumpeta ng Diyos ay tutunog at ang nangamatay kay Cristo ay unang bababngunin. At kapag nakita natin ang ating mga mahal sa buhay, kung magkagayo'y mababago tayo sa isang iglap, sa isang kisap-mata, at tayo'y aagawin kasama nila. Kita n'yo, yaong mga unang yayao ay higit na may pribelihiyo kaysa mga nangabubuhay.

14 At nang lumabas ako sa gasolinahan ng ika-11 ng gabi, ay sinabi sa akin ng Espiritu Santo, "Huwag kang mag-alala tungkol sa kaniya. Muli mo siyang makakamayan sa kalsada, at makakasimba siyang muli." Isang lalaking siyamnapu't isang gulang at malapit ng mamatay.

Nang makita ko ang kaniyang maybahay at mga mahal sa buhay sa ospital sa Lima, sinabi nila sa kin ang kaniyang kalagayan, pumasok ako, at tiningnan ko siya roon. At ang sabi niya, "Ngunit siya'y . . .

nakakapagtaka." Ang sabi,"Siya'y - siya'y nagsimulang umigi mga ika-11 kagabi." Buweno, iyon. . . ako'y. . . Napakarami nang bagay ang ipinakita ng Panginoon sa mga taong iyon; at alam nilang hindi ko lang sinabi iyon, dahil nauna na nilang sinabi iyon sa akin. Nagsimula siyang umigi, alam nilang iyon ang gagawin ko, sasabihin ko ang katotohanan.

Kaya noong nakaraang linggo, nang ako'y papasok na sa Blue Cafeteria sa Louisville kung saan sa wari ko'y ika-80 bahagi ng kongregasyong ito ang nagkakatipon tuwing Linggo ng tanghali upang kumain, sino sa palagay n'yo ang nakita ko sa kalsada? Sinasabi ko sa inyo; ang puso ko'y kinilig nang makita ko ang ating Brother Dauch na parating sa kalsada, katulad na katulad na sinabi Niya sa akin at kinamayan ko siya sa - sa kalsada.

15 Pagkatapos ay nag - nagbalik ako rito para sa gawain noong nakaraang Linggo ng gabi at nangusap ako ng paksa ng pagkakaisa ng - Ang Pagkakaisa ng Panahon at Tanda. Kaya . . . At talagang natupad kung ano ang sinabi Niya , at narito't nakaupo siya sa loob ng simbahan sa araw na ito, sa tabi mismo natin, bilang tropeo sa biyaya ng Diyos. Nang kamayan ko siya sa ilalim ng tolda, sa oxygen tent na kinaroroonan niya, ang sabi ko,"Brother Dauch, gagaling ka. Makikita kita muli sa simbahan. Iyan - Iya'y ITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo? Narito nakaupo siya ngayon sa loob ng simbahan, si Brother Dauch.

16 At kung hindi ako nagkakamali, ang ministrong sinasabi ko kani-kanina lamang na ang Espiritu Santo ay dumating at inihayag ang lahat ng mga bagay na iyon, sinabi sa kaniya kung ano ang nangyari, at sinabi sa kaniyakung ano ang ginawa niya, kung paano iyon nangyari, sampu ng lahat ng mga nangyayari simula pa noon, maging hanggang sa katangian ng kaniyang pamilya at lahat ng tungkol doon, at sinabi sa kanya na tapos na iyon, at ang ministrong iyon ay nakaupo rito sa gawing kanan. Maari bang itaas mo ang iyong kamay, ginoo? Hayan, siya at ang kaniyang maybahay. Siya nga. Ngayun-ngayon lang. At narito nakaupo ngayon si Brother Dauch dito.

Ay, naku hindi ba kamangha-mangha Siya? Ang bagay na nalaraan , na nasa kasalukuyan, at yaong darating. Isa, dalawa, tatlong mga saksi ng mga bagay na nakaraan, na kung anong ginawa mo; na mga bagay na kasalukuyang nagaganap; at mga bagay na magaganap. At sa tuwina ay tugmang-tugma sa Salita. Ang Diyos lamang ang makakagawa nito. O, hidi ba't lubos tayong naliligayahan dahil sa mga bagay na ito? ["Amen."]

17 Ngayon, ang dahilan kung bakit ako nagtatagal nang kaunti, ay dahil sa kailangang kunin ni Billy ang kaniyang mag-ina, at ang sabi niya,"Daddy huwag ka munang magsimulang mangaral hangga't hindi pa ako nakababalik." Kaya ako'y - sa palagay ko'y nakabalik na siya. Kung sa bagay, hindi na rin naman gasinong mahaba ang oras ko. At sinisikap kong umiwas sa apat na oras ng pagtitiis na pinadaranas ko sa inyo rito at gawin na lang iyong tatlumpu't lima, o apatnapung minuto(Kita n'yo?) at sinisikap kong panatiliin iyon. . .

Ngayon, minsan ay napuri ako sa Chicago; napaikli ko iyon nang tatlumpung minuto o higit pa, tatlumpu't limang minuto marahil, at noong nakaraan Linggo ng gabi ay apatnapu't limang minuto lamang. Ang sabi ni Billy,"Talagang humuhusay ka na, Dad." Kaya ipinagmamalaki kita dahil diyan."

Buweno, sa umagang ito ay gagawin antin itong parang isang Sunday School. . . Hindi ko kayo masyadong pagtatagalin; pagkatapos ay maari na kayong lumabas at mananghalian, at pagkatapos ay bumalik kayo mamayang gabi para sa gawaing pagpapagaling. Magdaraos tayo ng isang hanay ng panalangin mamayang gabi at mananalangin tayo para sa mga may sakit .

18 Ngayon, kung may kilala kayong mga tao saan man sa ating paligid na maysakit at nais nilang maipanalangin, dalhin n'yo sila rito mamayang gabi. Kita n'yo? Ngayon kung kailangan dalhin n'yo sila rito ng anumang paraan , dalhin n'yo sila rito. Kita n'yo? Ang mahalaga dalhin n'yo sila ritomamayang gabi. Magkita-kita tayong lahat. Nang sa ganoon, mahirap kasing gawin ang bumisita sa isang lugar, pagkatapos ay lilipat naman sa iba; at pag may nalampasan ka ay may sumasama ang loob. Ngunit kung matitipon ko sila sa isang lugar, kung gayo'y maipananalangin ko sila. Ngayon, kung kayo'y - kung nais ng taong sila'y maipanalangin, sila'y. . . Sasabihin n'yo, "Maipananlangin kaya sila?" Aba'y tiyak na tiyak. Maipananalangin sila. Dalhil n'yo lang sila, kung loloobin ng Panginoon kami'y mapaparito upang maipanalangin ang bawat isa, 'pagkat pakiwari ko'y nagsisimula ng kumilos ang ikatlong hatak na iyon. Kita n'yo? Nasa kalooban ko na iyon ngayon, at nais kong ipanalangin ang bawa't isa.

19 Ngayon, buklatin natin ngayong umaga ang isang Kasulatan pamilyar na sa atin, na dali-dali kong dinampot kagabi, dahil antok na antok na ako at nagsulat ako ng ilan pang kasulatan upang susugan ito. Ang tipong pagdaragdag lamang ito, dahil narinig ko minsan ng ginamit ang tekstong ito ng isang kapatid, at naisip ko . . . Isinulat ko ito; inisip kko, "Buweno, sa palagay ko'y isusulat ko ito; dahil maaari itong magamit kung kakailanganin."

Madalas na ganiyan ang ginagawa natin. Napansin kong marami sa inyo rito ang may kapirasong papel at maaaring magsabi ang isang ministro ng isang bagay, at pagkatapos ay darating ka sa lugar na

may kung anong titimo sa iyong kalooban. At kung ang Espiritu Santo ang may gawa niyon, magsisimula kang makabuo mula sa pinakapuntong iyon, ng isang mensahe para sa Panginoon. At iyon ay mabuti; napapansin ko saan mang pagtitiponng pinupuntahan ko ang maraming mangangaral at mga taong nagsususlat. Iyan ay mabuti. Tayo'y - tayo ay naririto, kaya tayo naririto ay upang magtulungan tayo sa mga landasing ito.

20 At ngayon, buklatin natin ang ika-3 kabanata ng Apocalipsis sa mga kapanahunan ng iglesia, uulitin natin ang isang kapanahunan ng iglesia. Ngunit ngayon, tayo ay - tayo'y. Diyan - diyan . . . maaari kong kunin ang isang tekstong ito, at sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay mangaral ako tungkol dito sa loob ng isandaang taon at pagkatapos ay hindi ko pa rin mailabas kung anong nilalaman nito, sapagkat sa isang tekstong ito, katulad ng iba pang mga teksto ng Biblia, ito'y magkakalakip.

At nais kong kunin sa umagang ito ang aking paksang,"Paano Ako Makapananagumpay?" Ngayon, pinili ko ito, sapagkat iniisip kong ito'y isang panahon kung kailan ay hindi natin dapat hayaang humupa ang diwa ng kasiglahan. Kailangan natin manatili sa revival; palaging may revival sa bawa't araw. Ang sabi ni Pablo kailangan niyang mamatay araw-araw upang si Cristo ay mabuhay. At hindi natin dapat hayaang mamatay ang revival sa ating kalooban. Ngayon, sa ika-3 kanata ng Apocalipsis at simula sa ika-21 talata ay mababasa natin ito:

Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan.

Ang may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga Iglesia.

21 Napansin n'yo ba ang - ang pagkakaayos nito? Kita n'yo? "Umupong kasama Ko sa loob ng Aking luklukan," hindi sa "sa ibabaw ng Aking luklukan." Iyon ay sa loob ng Kanyang kaharian. Kita n'yo? At ngayon, kung paanong si Cristo ang Pinuno ang Pinuno ng luklukan sa panahong ito ng lubos ng paghahari ng Diyos , ay makakasama din naman Niya ang Iglesia, ang Nobya ay makakasama Niya sa Kaniyang luklukan sa buong kaharian. Kita n'yo? Hindi "sa ibabaw ng luklukan," kundi "sa loob ng Aking luklukan," kita n'to, ang nasasakupan ng Kaniyang kaharian samga hangganan nito, at iyon ay mula sa eternidad hanggang sa eternidad. Isipin n'yo lang iyon . . .

22 Ngayon, habang pinag-aaralan natin ito, ang layunin ko rito ay hindi lang ang pumarito upang makasama kayo, at gustong-gusto kong ginagawa iyon. Ngunit kung may pagkakataon akong gawin iyon, ako'y magtutungo sa inyong tahanan , at makipag-kamay sa inyo, at makikipag-usap sa inyo, at mauupo, sasalo ako sa inyong kumain at mauupo sa ilalim ng punong kahoy, at makikipagkuwentuhan, at makikisama ng sandali. Ngunit kapag pumaparito tayo, tayo ay naririto dahil sa isang tiyak na layunin. Ito ang bahay ng pagtutuwid. Ito ang trono,. Ito ang trono ng Diyos, at ang kahatulan ay nagmumula sa bahay ng Diyos. At dito tayo nagsama-sama, nagtitipon sa pagibig sa isa't isa sa paraang ang mga Cristiano lamang ang makagagawa, ngunit dito ay nasa ilalim tayo ng pamumuno ng Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ay nasa ating kalagitnaan. At narito tayo upang saliksikin ang ating pagkukulang, at kung paano tayo makakaagapay mula sa kinaroroonan natin patungo sa dapat nating kalagyan. At iyon ang pinag-aaralan namin. Pinagaaralan ng mga ministro ang mga dakong iyon para sa kanilang mga kongregasyon. Kapag nakita nila ang kakulangan ng mga tao, doon sila nagpapasimula.

23 Ngayon, sa palagay ko, sa di paglalaon, ang iglesia ay dapat nang humakbang ng bahagya papaitaas sa panahong ito. Hindi ko balak na gawin ito ngayonh umaga, ang ipakita ang mga bagay na ito, ngunit sa - sa palagay ko sa maikling panahon, kung loloobin ng Panginoon, bago tayo mangaral tungkol sa mga tumpetang iyon, nais kong maghatid sa iglesia ng isang bagay na, sa paniwala ko'y, dapat n'yong malaman ngayon.

24 At ngayon, mangungusap tayo tungkol sa pananagumpay na ito. Ang salitang "magtagumpay", siyempre pa, alam n'to na ang ibig sabihin niyon. Kailangang may isang bagay kayong taglayin upang makapanagumpay. At ang kapanahunang ito ng iglesia na tinutukoy ng Espiritu Santo, ang kapanahunan ng Iglesia ng Laodicea(katulad ng katatapos pa lang nating talakayin), ay nangangailangan ng pagsaway. Ang Laodicea ay kinakailangang sawayin, dahil sa kawalan ng pagpapahalaga nito kay Cristo, ipinagtabuyan nito si Cristo - sa - sa kanilang kapanahunan; at si Cristo ay nasa labas na at nagsisikap na makabalik sa loob. Iyan ang Pag-ibig. Matapos Siyang ipagtabuyan palabas sa sarili Niyang pamamahay, nagsisikap Siyang muling makapasok, at ang sabi,"Sinuman ang magbukas ng pinto, Ako'y papasok sa kaniya." Kita n'yo? Ang iglesia mismo sa kabuuan nito ang nagtaboy sa Kaniya palabas.

Ngunit ngayon ay pansinin, ang panawagan Niya ay hindi lamang sa iglesia;"Sa kaniya'y na magtatagumpay." Kita n'yo? Hindi ang iglesia, dapat sana'y Siya(she) (kita n'yo?) ang katawan, ngunit iyon ay Siya(he) na magtatagumpay, ang indibiduwal na magtatagumpay.

25 Ngayon, iyon ay dumating sa Laodicea. Ngayon, nakikita natin kung gayon, nalalaman natin na ito ay kapanahunan ng Laodicea, at nalalaman natin na ang kapanahunang ito ay nangangailangan ng matalas na pagsaway mula sa Diyos . . . Nangangailangan ito ng isang matalas na pagsaway. At kapag ang ating

mga ministro ay naging napakaluwag na at naging kunsintidor na, katulad ng isang matandang lolo sa kaniyang mga apo, na lahat ng ginagawa ay ayos lang sa kaniya at sila'y . . .

Lagi na lang nating sinasabi na ang Diyos ay isang napakabait na Diyos hanggang sa ang gusto nilang palabasin ay isa lamang Siyang kunsintidor na lolo. Kita n'yo? Ngunit hindi Siya ganoon. Isa Siyang Ama, at isa Siyang Ama ng katuwiran, ng pagtutuwid. At ang pag-ibig sa tuwina ay nagtutuwid. Kita n'yo? Ang pag-ibig ay nagtutuwid. Gaano man ito makasakit, ito'y nagtutuwid pa rin.

Ang isang tunay na ina ay nagtutuwid sa kaniyang mga anak; ang isang tunay na ama ay nagtutuwid. Kita n'yo, kapag lumambot na kayo at naging kunsintidor at hahayaang . . .

26 Tumatawid ako sa isang lumang troso noong isang araw doon sa isang — o kung tawagin ay - At lumundag ako sa trosong iyon. Sa labas, mukhang iyon matibay, para iyong malaking - ngunit nang lundagan ko iyon, naku, isang malaking tipak ang natapyas dito; bulok na bolok na pala iyon at napakarupok na. Ang sabi ko,"nagiging ganiyan na ang mga Cristiano." Napakalaon na nilang namatay sa kasalanan at pagsanlang hanggang sa rumupok na sila. Hindi na nila kayang magdala ng anumang bigat. Hindi na nila alam ang ibig sabihin ng pananagumpay. Pagkatapos noon ay nagpasimula akong mag-isip tungkol sa tekstong ito. Magtagumpay, panatilihing nasa iyo ang buhay. Nang umalis ang buhay , iyon ang nagdala sa trosong iyon sa gayong kalagayan. Kita n'yo. At lalo iyong napasama nang iyon ay mapahimlay sa sapa kung saan ay may tubig.

27 At gayon din, kumuha ka ngayon ng isang Cristiano na dapat sana'y maging isang tunay na Cristiano, hayaan mong lisanin siya ng Buhay ng Diyos at ng dinaranas niyang kagalakan sa paglilingkod kay Cristo, at samantalang siya ay namumuhay sa iglesia na kung saan ay nararanasan ito, madodoble ang bilis ng pagkakabulok niya (kita n'yo? Tama.), samantalang nakasilong siya roon.

Kaya kung kayo ay nagsisiskap sumunod sa mensahe ng kapanahunan, o kaya'y kahit na sa bahaging ito lamang ng mensahe lagi dapat tayong mamuhay sa Buhay ni Cristo. Kita n'yo? 'Pagkat kung hindi, at pahiga-higa ka lang, at nalalaman mo ang mga bagay na ito na dapat mong gawin at pagkatapos ay hindi mo ginagawa, ang sabi ng Biblia,"Sa nakakaalam nga ng paggawa ng mabuti, at hindi niya ginagawa, ito'y kasalanan sa kaniya." At ikaw ay rurupok, at mabubulok kapag ika'y nakahiwalay sa Buhay ng Diyos. Kaya't pagsikapan n'yo nang lubusan na kayo ay makapanatili sa Buhay ni Cristo, upang kayo'y maging mabunga.

28 Nakikita natin ang kapanahunang ito na kinabubuhayan natin. Isa ito sa mga kapanahunang pinakadakila sa lahat ng kapanahunan. Ang kapanahunang ng iglesiang Laodiceang ito ang pinakadakila sa lahat ng mga kapanahunan ng iglesia, sapagkat ito ang pagtatapos ng panahin at unti-unti nang papasok ang eternidad. At gayon din, ito ang pinakamasamang kapanahunan. Mas maraming kasalanan sa kapanahunang ito kaysa sa nagdaang panahon. At ang kapangyarihan ni Satanas ay mas maraming ulit na mas mahirap labanan kaysa sa anumang kapanahunan. Kita n'yo? Heto!

Noong mga unang kapanahunan ang isang Cristiano ay maaaring mapugutan ng ulo dahul sa kaniyang paghahayag na kay Cristo siya. Maaari siyang patayin at hindi na maghirap, at pumanaw na upang makatagpo na niya ang Diyos.

Ngunit ngayon, ang kaaway ay pumasok sa pangalan ng iglesia: at napakadaya nito. Ito ay isang dakilang kapanahunan ng pandaraya kung kailan . . sinabi ito ni Cristo, na dadayain nito ang pinakahirang kung maaari lamang. Kita n'yo, kita n'yo? At alalahanin,nangusap si Cristo tungkol sa isang bayang hinirang para sa huling araw. Kita n'yo? Dadayain nito ang pinakahirang kung maaari lamang, kahawig na kahawig. Ang mga tao ay namumuhay - maaaring makapamuhay ang mga tao ng isang malinis at banal na buhay, nang hindi makasalanan, mangangalunya, manginginom, at sinungaling o sugarol; maaari silang mamuhay nang mas mataas kaysa roon nang hindi pa rin nagtataglay ng Buhay.

29 Kapanahunan na ito ng Buhay, ng personal na Buhay ni Cristo, na kinaroroonan ng - ng mga kemikal ng Kaniyang katawan, kung ano ang nasa Kaniya;

Una sa ilalim ng pag-aaring ganap, ang bautismo sa tubig; ikalawa, sa ilalim ng bagong kapanganakan ni Wesley, ang pagkakabanal na naglilinis ng buhat; ar ikatlo, sa ilalim ng bautismo ng Espiritu Santo inilalagay ang pinabanal na sisidlan sa paglilingkod . . . Kita n'yo? Ang salitang "pakabanalin" ay nangangahulugang. . . ito'y isang tambalang salitang Grego na ang ibig sabihin ay "nilinis at itinabi para sa paglilingkod." Itinabi para sa paglilingkod, ngayon ang Espiritu Santo ang naglalagay dito sa paglilingkod. Kita n'yo?

30 At mapapansin natin kapag umalis ang maraming espiritu sa isang tao, lumalakad siya sa mga tuyong dako. Ganiyang - ganiyan ang ginawa ng iglesia, ng mga Baptist, Methodist, yaong mga sumasampalataya sa pagpapakabanal. At ang sabi ni Jesus, ang espiritung lumalabas ay magbabalik sa katawan ng iglesiang ito at masusumpungan ang bahay na walang nakatira, malinis na malinis, namumuhay ng dalisay, malinis na pamumuhay, mabuti. Ngunit gayon pa man kung ang bahay na ito ay

hindi napuno at natirhan, kung magkagayo'y papasok siyang may kasamang pitong iba pang masasamang demonyo na higit na masasama kaysa sa kaniya, at ang kahahantungan ng dakong ito ay pitong ulit na mas masama kaysa sa pasimula. Mas mabuti pa ng nanatili na lang silang mga Lutheran kaysa matanggap nila ang liwanag pagkatapos ay hindi sila makasunod dito. Gayon din ang mangyayari sa mga Pentecostal. Alam n'yo ang ibig kong sabihin. Walang laman ang bahay.

31 Katulad noong isang araw ay may kausap ako, ang sabi,"Nag-iingat sila nang husto, maging sa grupo ng mga holiness, na huwag tawaging "Holy Ghost" ang Espiritu Santo, 'pagkat napagkikilala silang kasama ng mga Pentecostal kapag ginagawa nila iyon." Ang sinasabi nila ay "Holy Espirit." Kita n'yo? Umiiwas silang magsabi ng "Holy Ghost," sapagkat ang mga Pentecostal ay mga karaniwang tao, ay tinatawag ito ayon sa sinasabi ng Biblia, "Holy Ghost" at ang "Holy Espirit" at ang "Holy Ghost" ay iisa. Ngunit masyado silang maingat tungkol sa . . . Ayaw nilang mapagkilalang kasama ng mga taong nagsasalita ng iba't ibang wika, samantalang iyon nga ang Espiritu Santo. Kita n'yo?

Anong nangyari kung gayon? Nang magbalik nag kaaway na lumabas sa ilalim pagpapakabanal, na hindi puspos ng Espiritu Santo, ang kalagayan ng iglesia ngayon ay nakisanib na ito sa kapisanan ng mga iglesia, sa pandaigdigang konseho ng mga Iglesia; at ang kalagayang ito ngayon ang nag-uugnay dito sa Romanong Catolisismo at lahat ng iba pa; at ngayon ay mas malala ito nang makapitong ulit kaysa noong ito ay lumabas sa Lutheranismo. Diyan ito dinala ng tao.

32 At tingnan n'yo ang kapanahunan ng iglesiang Laodicea matapos nitong tanggapin ang Espiritu Santo. At may kaalamn ito tungkol sa Espiritu, at ang Espiritu ng Diyos ay naririto, at pagkatapos ay tinatanggihan nito ang mga gawa ng Diyos, at tinawag itong masamang gawa, paano naman iyon kung gayon? Doon pinalabas si Cristo sa kaniyang Sariling iglesia - Kita n'yo? Siya ay - Hindi Siya nakita sa iglesia hanggang sa dumating ang Laodicea, pinalabas Siya sa Kaniyang iglesia, at sinikap Niyang muling pumasok.

Ngayon, kita n'yo, hindi ang pag-aaring ganap ang nagpapasok sa kaniya. Nilinis lamang ng pagpapakabanal ang bahay para sa Kaniya. Ngunit ng dumating ang bautismo ng Espiritu Santo, ito ang nagpapasok sa Kaniya ng mga tao. At ngayon, pinalabas nila Siya nang simulan Niyang ipakita na Siya ay tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Pinalabas nila Siya, sapagkat nagdenomina sila at ang - ang Espiritu ng Panginoon ay hindi sumasang-ayon sa kanilang mga denominasyonNauunawaan n'yo na ba ngayon? Pi . . . Pinalabas nila Siya: "Ayaw naminng magkaroon ng kinalaman sa pambabasa ng isip na iyan; iya'y sa diablo. Iyan ay panghuhula, o . . ." Kita n'yo?

Hindi nila nauunawaan. Hindi makita ng mga mata, at hindi marinig ng mga tainga. Kita n'yo, ang iminumulat lamang ng Diyos ay ang mga mata ng mga taong niloob Niyang mamulat. Pinatitigas Niya ang kalooban niyaong ibig Niyang patigasin ang kalooban, at nagkakaloob Siya ng Buhay sa mga ibig Niyang pagkalooban ng Buhay. Iyan ang sinasabi ng Kasulatan.

33 Ngayon, nakikita natin ang mga oras na kinaroroonan natin, ang yugtong ito, at nakita natin ano ang nakaraan. At sinaway ng Espiritu Santo ang kapanahunan na nagpalabas sa Kaniya. Ngunut sa lahat na iyon, napansin n'yo ba, "Ang magtagumpay?" Maging sa napakamundo at napakasamang kapanahunan ng iglesia, "Ang magtagumpay."

Nakikita natin dito na ang Diyos ay palaging may mananagumpay. May mga mananagumpay Siya sa bawat kapanahunan. Sa tuwina, sa bawat pagkakataon sa bawat kapanahunan na dumaan sa lupa, palaging may isang tao ang Diyos na nahahawakan Niya bilang isang saksi sa mundo. Hindi pa Siya nawalan ng saksi, bagama't kung minsan ay iisa lamang, ngunit mayroon at mayroong magtatagumpay. Ngayon, 'tulad ng mga dating banal.

34 At isang napakahusay na lalaki, isang iskolar, ang nagsabi pagkatapos ng Pitong Tatak: ang sabi niya, "Brother Branham, bilang isang - isang typist - typologist," pala, ang sabi,"paano mo ilalagay ang iglesia sa pag-agaw nang hindi ito dumaraan sa dakilang kahirapan sa isang tipo?" ang sabi niya . . .

Kita n'yo, kung ito'y isang tipo, mayroong itong tipo na panggagalingan ng pagtitipong iyon. At bawat totoong bagay na sasabihin ko ay may katipo. Iyan ay may katipo. Mayroon kayong anino. At sinabi ng Biblia na ang mga dating bagay ay may anino ng mga bagong bagay na darating.

Ang sabi Niya, "Ngunit ngayon, kinuha mo ang Lumang Tipan bilang anino, at ngayon, " ang sabi niya, "anong gagawin mo sa Iglesiang ito?"

35 Ang lalaking ito ay mula sa isang . . . Isa siyang dakilang lalaki, isang dakilang guro na matalik kong kaibigan, at isa siyang kaibig-ibig na kapatid. At hindi ako mangangahas na magsabi ng isang salita laban sa kapatid na ito; hindi ko gagawin iyon sa anumang paraan bilang isang Cristiano. Hindi ako magsasalita ng anumang laban sa kaniya. Hindi siya sang-ayon sa akin sa isang paksang iyon, ngunit mahal ko ang kapatid na iyon, magkasalo kami sa pagkain at oh, isa siyang napakabuting tao. Tumatanggap ako ng magasin nikya, at binabasa ko ang kaniyang artikulo; at sumusulat siya ng ilang sulatin, para sa akin, at

iba pa. At nakakuha ako ng maraming teksto mula sa mga nababasa ko sa kaniyang mga artikulo at narinig kong sinasabi niya. Isa siyang dakilang lalaki, ngunit sadyang hindi siya makasang-ayon sa akin. Pinagpapahalagahan ko iyon, ang kaniyang sinseridad na hindi siya isa samga taong pinagtutulak-tulakan, na basta na lang sasang-ayon sa lahat ng iyong sinasabi. May sarili siyang konbiksiyon, at naninindigan siya roon. Pinapahalagahan ko iyon. At isa siyang mabuting tao, isang . . . Oh, hindi ako isang guro o iskolar man, ngunit ang lalaking ito ay guro at iskolar.

36 Ngunit hindi ako makasang-ayon sa kaniya,'pagkat hindi ko iyon makita, ngunit iyon naman ay walang kinalaman sa kaligtasan; iyo'y tungkol sa pagdating ng Panginoon. Nakikita niyang kailangan dumaan ng Iglesia sa panahon ng kapighatian upang madalisay. Ang sinasabi ko'y ang Dugo ni Jesus Cristo ang nagpapadalisay sa Iglesia. Hindi nito kailangan . . .

Naniniwala akong daraan ang iglesia sa panahon ng kapighatian, iyon ay ang iglesiang organisasyon, ngunit ang Nobya ay hindi. Pipili ba kayo ng isang babae na kailangan pa ninyong dalisayin bago ninyo pakasalan? Ang Nobya ni Cristo ay pinili at Siya ay hinirang, at Siya ay Nobya ng Diyos, ang Nobya ni Jesus Cristo.

37 At ngayon, ang sabi niya, "Paano mong ititipo iyon? Kung ang Nobyang iyon ay aalis, papanhik bago Siya dumaan sa panahon ng kapighatian. . . ang sabi, "may kasulatan akong maipapakita sa iyo na ang Iglesia ay nasa panahon ng kapighatian." Ang sabi ko . . . "Basahin mo na lang ang ika-anim na Tatak. Iyon lang. Naroroon nga siya sa ilalim ng panahon ng kapighatian." Ngunit makikita n'yo na bago pa maganap iyon, ay wala na rito ang Nobya. Nasa kalangitan na Siya sa panahong iyon. Hindi na siya daraan pa sa pagdalisay. Kita n'yo? "Ang sumasampalataya sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan at hindi makapapasok sa paghatol o kahatulan, kundi lumipat na sa Kabuhayan mula sa kamatayan." Ipinangako ni Cristo na hindi Siya haharap sa paghatol. Inako Niya nang walan-bayad ang aking lugar hanggang sa ako'y lubusang lumaya. Kung pinatawad na ako, totoong pinatawad na ako. Paano Niya akong mailalabas sa sanglaan at paanong mangyayaring may hawak siyang isang malinaw na resibo ng . . . Paanong mangyayaring Siya ang aking manunubos at paanong mangyayaring nailabas na Niya ako sa sanglaan, at pagkatapos ay sasabihin ng broker na pag-aari pa rin niya ako? Naresibuhan na ako (kita n'yo?), nalagdaan na ng Dugo ni Jesus Cristo. Kita n'yo? Ngayon, diyan, nakarating kami dito. Ang sabi niya, "Ngayon, paano mo ihihiwalay ang hinirang na Nobya na sinasabi mo, paano mo ngayon ilalagay iyon sa isang tipo?"

38 Ang sabi ko, "Napakahusay." Ang sabi ko, "Narito iyon. Ngayon, sa ika -27 kabanata ng Mateo at sa ika-51 talata . . ." kung ating . . .

Hayaan ninyong basahin ko na iyon at pagkatapos noon ay ma - mauunawaan natin ito nang mabuti. At makikita natin kung ito ba ay nakatipo o hindi, kung iyon nga ang hinirang na Nobya. Sa ika-27 kabanata ng Mateo at ika-51 talata. Sige nga. Mababasa natin ito sa panahon ng pagkakapako sa krus ng ating Panginoon: At, narito, ang tabing ng templo'y nahapak na nagkadalawa buhat sa itaas hanggang sa ibaba . . .

39 Ngayon, iyon ang kautusan. Doon nagwakas ang kautusan, sapagkat itinago ng tabing ang mga banal na ksangkapan ng Diyos sa kongregasyon. Tanging ang pinahirang saserdote lamang ang nakakapasok doon, at iyon ay minsan lang sa isang taon. Naalala ba ninyo? Ngayon, ang Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang sariling kamay, pansinin n'yo, mula sa itaas pababa, hindi mula sa ibaba pataas(May apatnapung talampakan ang taas niyon>) Pansinin, hindi mula ibaba paitaas, kundi mula sa itaas pababa(nagpapakitang ang Diyos ang may gawa niyon) ay nahapak ang tabing sa dalawa. Nang magkagayon ang - sinuman, ang sinumang magnais ay maaaring lumapit at makibahagi ng Kaniyang Kabanalan. Kita n'yo? Tama. . . .

sa itaas hanggang sa ibaba; at nayanig ang lupa at nangabiyak ang mga bato;

At nangabuksan ang mga libingan; at maraming katawan ng mga banal na ngatulog ay nangagbangon;

At paglabas sa mga libingan pagkatapos na Siya'y mabuhay na maguli . . . ay nagsipasok sila sa bayang banal at nangagpakita sa marami.

40 Hayun ang Hinirang, ang Nobya; hindi nagbangon ang buong iglesiang Judio sa pagkakataong iyon. Lahat sila ay naghain ng iisang alay. Lahat sila ay nasa ilalim ng nabubong dugo ng kordero, ngunit may hinirang na grupo. At ang hinirang na grupong iyon, sa sandaling mangyari iyon, yaong mga tunay na sumasampalataya roon, at mga matatapat, matatatag . . . Ngayon, papunta na ako sa salitang "magtagumpay", ngayon, hawakan n'yo iyan. Itong mga tunay na nagtagumpay, na matatapat na nag-alay ng kaparehong pagaalay na ginawa ng iba pa sa kanila, ngunit sila'y may angking katapatan, ay nagtagumpay sa mga bagay ng sanlibutan, ang maisagawa ng husto ang para sa kanila(Sila ay nasa paraiso hanggang sa dumating ang oras na iyon), nang dumating ang oras na iyon, nagtagumpay na sila at doo'y namamahinga, nangatutulog (Kita n'yo?), maraming katawan ng mga nangatutulog sa

alabok(kita n'yo?) nangatutulog . . .

41 Ngayon, kung may oras tayo ay maaari tayong bumalik kay Daniel. Nang si Daniel, ang hinirang na iyon na nagtagumpay . . . At sinabi Niya, "Isara mo ang aklat, Daniel, sapagkat ikaw ay magpapahinga sa iyong kapalaran. Ngunit kapag dumating ang Prinsipe na maninindigan para sa bayan, ikaw ay tatayo sa iyong kapalaran." Narito iyon. Nakita ni Daniel, ang propetang iyon ng Diyos, ang pagdating ng huling panahon. Ang sinabi Niya, "Daniel, tatayo ka sa iyong kapalaran sa araw na iyon." At narito nga siya, nagbangon, hindi ang buong Israel, kundi ang katipo ng Nobya. Ngayon, ang iba pang mga Israelita ay hindi magbabangon hanggang sa pangkahalatang pagkabuhay na maguli.

42 At ngayon, sa pagdating ng Panginoong Jesus, yaong mga tunay na naghahangad sa kaniyang pagdating, na namumuhay para roon, kapag nagpakita Siya sa kalangitan, ang Iglesiang namatay kay Cristo ay magbabangon at ang mga iyon ay babaguhin sa ilang sandali. Walang kamalay-malay ang iba tungkol dito. Alalahanin, nagpakita sila roon sa mga nasa bayan. Kita n'yo, ang pag-agaw ay magiging katulad nito. Makikita natin ang isa't isa, at makikita natin sila. Hindi sila makikita ng iba pang tao sa mundo. Sila'y aagawin tulad ng isang lihim na pag-alis, maghihintay ang oras na iyon!

Pagkatapos ay magbababalik sa lupa para sa maluwalhating milenyum, ang kasunod ng libong taon. Ang iba pang nangamatay ay hindi mabubuhay sa loob ng isang libong taon!

43 At sa panahong iyon ay darating ang pangkahalatang pagkabuhay na maguli kung saan ang lahat ng mga Israelita . . . At tingnan n'yo iyon, ang labindalawang apostoles, ang labindalawang patriarka ay naikatawang lahat. At hindi pa natin nararating iyon, marahil kung paano ang mga pader na iyon na jaspe, at labindalawang bato, labindalawang pintuan, labindalawang pinagsasaligan, lahat ng naikatawan. Narito sila sa labindalawang luklukan, ang mga mensaherong anghel ng mga kaarawang iyon upang humatol sa mga taong nagsitanggi sa kanilang mensahe. Amen. Doon darating ang dakilang panahong iyon.

Siyanga, napakadakilang araw, napakadakila ng panahong kinabubuhayan natin. Kailangan nating masuri nang husto, iglesia. Ngayon, pinag-uusapan natin ang tungkol dito sa mga bagay na darating , na magsisidating; ngayon sa araw na ito magbalik tayo rito, at tingnan, suriin natin ang ating mga sarili nang makita natin kung tayo'y nasa pananampalataya.

44 Ngayon, pag-usapan natin ang ilang mananagumpay sa loob ng ilang minuto. Sa mga kaarawan ni Noe, na itinipo ni Jesus Cristo na katulad din naman ng araw na ito.

Gumugol na ako - dapat sana'y sampung minuto akong magsasallita, at ngayon ay halos kalahating oras na ako rito. Kasisimula ko pa nga lang sa unang pahina. Lalaktawan ko ang ilan sa mga ito kung magagawa ko at kukuha . . . Masdan!

Tinikoy ni Jesus ang panahon ni Noe, na katipo ng araw na ito, at nagsabi, "Kung paano ang nangyari sa kaarawan ni Noe, gayon din naman ang mangyayari sa pagdating ng Anak ng Tao." Pansinin, sa lahat ng naroroon bago bumababa, marahil ay milyun-milyong mga tao, ay wawalo lang ang mananagumpay. Walong tao ang nagtagumpay, mga tunay at totoong mananagumpay. Naroroon ang tatlong anak ni Noe at ang kanilang asawang babae, at si Noe ang kaniyang asawa. Walo ang nagtagumpay na pumasok sa daong sa wastong panahon. Paano nilang nagawa iyon? Nakinig sila sa Salita ng Diyos. Hindi sila nasumpungan sa labas ng pintuan. Nasumpungan sila sa loob ng pintuan.

45 O, mga minamahal na kaibigan, huwag n'yong hayaang magsara ang pintuang iyon.. Ang sabi ni Jesus, "Kung paanong ang kaarawan na iyon ay gayon din ang mangyayari sa pagdating ng Anak ng Tao." Ngayon, kung mayroong masusumpungan sa labas ng pintuan . . . Marahil marami sa kanila ang may mabubuting hangarin, "at isang araw kung mangyayari nga ang mga gayong bagay, magsisipasok tayong kasama ni Brother Noe, 'pagkat isa siyang mabuting tao," Ngunit nakita n'yo, wala lamang ang nasumpungan sa loob.

Ngayon, mag-isip kayong mabuti, kung kayo'y pahi-higa lang at nagiging marupok na, pumasok kayo, magmadali kayo, bilisan n'yo, 'pagkat maaari nang magsara ang pintuan anumang oras.

46 At laging may arka sa ekonomiya ng Diyos. May arka sa kaarawan ni Noe para sa ikaliligtas ng kaniyang mga kamag-anak. May arkang kaban noong kaarawan ng kautusan, ang kaban ng patotoo sa mga kaarawan ng kautusan. Sinundan nila ang kabang iyon.

At may ikatlong dispensasyon ngayon, katulad ng panahon ni Noe, nang panahon ni Lot, at ngayon sa panahong ito. May arka ngayon, at ang arkang iyon ay hindi isang denominasyon; hindi rin iyon mabubuting gawa na inyong ginagawa, ito'y sa pamamagitan ng isang Espiritu. Mga taga Roma 8:1: Lahat tayo'y nabautismuhan tungo sa iang katawan na nasasakop ng Kahariang iyon, isang bautismo ukol sa Espiritu. Gaano man kabuti, paano man kasama, maging ano ka man, napabilang ka sa kahariang iyon sa pamamagitan ng bautismo ng Espirito Santo. Kita n'yo? Tanging sa paraang iyan ka lamang makapagtatagumpay. Tanging ang mga nasa silong ng nabubong Dugo ang mga mananagumpay, 'pagkat

hindi ka makapagtatagumpay sa ganang iyong sarili. Siya ang nagtagumpay para sa iyo. Ika'y namamahinga na.

"Paano ko malalaman kung gayon, Brother Branham, na ako nga'y naroroon na? Masdan mo kung anong uri ng buhay ang iyong ipinamumuhay. Tumingin ka lang sa iyong paligid. Tingnan mo kung ito'y naipamumuhay mo ng kusa. O kinakailangan mo pang magpagod at magpilit (kiya n'yo?), kung gayon ay ikaw lang ang gumagawa nito. Ngunit huwag mong piliting gawin iyon.

47 Katulad lang ito ng, gaya - gaya — gaya ng pagsunod munting braso ng isang bata sa butas ng kaniyang manggas(Nakikita n'yo ba?), sadyang nalilito siya, at lahat na. Kita n'yo? Hindi niya kaya. "Isuot mo na ang amerikana mo, anak." Hindi niya kaya. Ang kaniyang munting braso ay mapupunta sa itaas, sa ibaba, at kung saan-saan. Kinakailangan nito ang inyong pirming kamay.

At naku, labis akong nagagalak na maaari kong isuko ko na lamang ang aking kamay sa Ama, at sabihin, "Panginoong Jesus, hindi ko ito kayang isuot. Tulungan Mo ako, isuot Mo ang amerikana sa akin. Tumigil na ako sa pagpupumilit." Kita n'yo,

48 Kung ang munting bata na iyon ay patuloy na magpipilit, "O, kaya ko; kaya ko." At kung saan-saan siya napapasuot; hindi niya iyon kaya.

Gayon din naman kayo; gayon din naman ako. Ngunit kung hindi tayo gagalaw at hahayaan lang natin Siya ang gumawa niyon, at magiging sunud sunuran lang sa Kaniya, "Narito,Panginoon, narito ako. Ha - ha - hayaan mong mawala ako. At ako'y sumusuko na; ilagay Mo ang aking kamay sa tamang lugar." Iyon ang tagumpay; iyon ang pananagumpay.

Ang kailangan mong mapagtagumpayan ay ang iyong sarili, ang iyong mga kaisipan, ang mga bagay na pag-aari mo, at isuko mo ang sarili mo sa Kaniya. Nagtagumpay Siya para sa iyo. Alam Niya ang daan; hindi natin iyon alam.

49 Ngunit sa panahon ni Noe ay may walong mananagumpay, at sila lang ang nakapasok. Nasumpungan sila roon sa loob. Ngayon, tingnan n'yo, mga kaibigan, sa paniwala ko'y itiniteyp nila ito, at kung ito'y nasatelebisyon, o hindi pala sa telebisyon, ipagpaumanhin n'yo, nasa tape, anuman ang gawin n'yo kayong nakikinig ngayon, o kayong mga makikinig pagkatapos nito, naririto na tayo sa dulo ng panahon, at mayroon kayong mabubuting hangarin,masumpungan nawa kayo roon sa loob. Ngayon, huwag kayong magpumilit. Wala iyon sa nagnanais o sa tumatakbo, kundi sa Diyos - hayaan na lang niyo na ang Diyos ang gumawa. Isuko n'yo na lang ang inyong sarili sa Kaniya at lumakad kayo na may sakdal at nasisiyahang pananampalataya na anumang ipinangako ng Diyos ay kaya Niyang tuparin. Huwag kayong sumanib sa isang denominasyon o sa iba pang denominasyon, at tatakbo dito, doon, o sa iba pa, at susubok nito; isuko lang ninyo ang inyong sarili sa Diyos at lumakad kayong kasama Niya, nang mapayapa, tahimik, hindi nagagambala; magptuloy lang kayong lumalakad sa piling Niya. Tama iyon.

Iyan ang sinabi ko sa kapatid na nagka-breakdown. Kita n'yo? "Isuko mo lang ang iyong sarili sa Kaniya. Naririto Siya; Siya na nakaalam ng iyong ginawa, at kung ano'ng naging sanhi ng pagkakaganiyan mo, at lahat ng iyon. Alam Niya ang lahat ng tungkol sa iyo; at ngayon sinabi lang Niya sa iyo kung anong dapat mong gawin." Ngayon, ang sabi ko, "Ang tanging dapat mong gawin ay humayo ka; iyon ay, kalimutan mo ang lahat ng nakalipas, lumakad ka, mamuhay ka para sa hinaharap sa kaluwalhatian at Presensiya ng Diyos."

Walong mananagumpay . . .

50 Sa mga kaarawan ni Daniel may apat na manangumpay na nakatagal sa pagsubok ng apoy at ng mga leon. Ngayon, inaasahan natin na tayo'y susubukin. Iyan ay isa ring mabuting aral para sa aking kapatid na naririyan sa likuran. Ang lumalapit sa Diyos ay dapat munang subukin. Subukin ng ano? Ng Salita. Iyon ang pagsubok ng Diyos. Naniniwala ba kayo riyan? Ang lumalapit sa Diyos ay dapat subukin. Ipinapakita lamang nito ang isang tunay na anak (Kita n'yo, kita n'yo?): magpasubok kayo. At kapag dumating ang pagsubok, hindi n'yo magagawang magtagumpay malibang may pagsubok na ibigay sa inyo. At kapag ibinigay ang isang pagsubok, ito'y upang makita kung makapagtatagumpay ka nga ba, o hindi. At sinabi ni Jesus, "Ang magtagumpay," sa pagsubok. Ang pagsubok ang pinakadakilang bagay na nangyari sa inyo. At sa paniwala ko'y naisulat ito sa Kasulatan, sinabi ni Pedro na ang ating mga pagsubok ay higit na mahalaga sa atin kaysa sa mamahaling ginto. Ito'y isang panahon ng pagsubok; ito'y . . . at isang magandang katunayan para sa atin na ang Diyos nga ay sumasaatin, kapag tayo'y sinusubok, sapagkat lahat ng mga anak ng Diyos ay sinusubok at pinadaraan sa pagsubok.

51 At si Daniel, isang lalaki, isang propeta; sina Sadrach, Mesach, at Abednego . . . si Daniel ang propeta, at ganoon lang kaliit ang iglesia sa araw na iyon, ang ibig kong sabihin, ang Nobya. Marami ang kabilang sa iglesia, mga dalawang milyon silang lumusong doon. Ngunit ganoon lang kaliit ang bilang ng mga mananagumpay. At ang mga mananagumpay na iyon ay sinubok. At ang bawat mananagumpay ay kailangang subukin. At nang sabihin nila, "Bawiin n'yo kung ano ang sinabi ng Salita at kung hindi'y

itatapon kayo sa nagbabagang hurno," tinanggihan nila ang anumang bagay maliban sa Salita.

52 At nang si Daniel ay subukin na dapat daw niyang bawiin ang sinabi mg Salita, na dapat silang kumiling sa direksiyon ng templo, na ipinanalangin ni Solomon at sila'y ililigtas Niya sa lahat ng bagay, makikinig ang Diyos mula sa langit kung titingin sila sa direksiyon ng templo at mananalangin. At ang sabi pa, "kung may sinumang mananalangin sa loob ng ganito karaming araw (At kami'y mga taga Medo-Persia na hindi maaaring magpalit o magbago ng aming mga batas), ang taong iyon ay itatapon sa yungib ng leon."

Naghanda sila ng isang bitag para sa kaniya. Naniniwala akong alam iyon ng propetang iyon. Ngunit naghanda sila ng isang bitag para sa kaniya. Lumakad siya nang may pagpapakumbaba. Nang dumating ang oras para sila'y manalangin, kung kailan alam niyang may sinusunog na hain sa altar sa tinubuamg bayan ng Jerusalem. Hindi natakot si Daniel sa mga tiktik na iyon. Itinaas niya ang mga tabing, at binuksan ang mga panangga ng bintana, at lumuhod siya, at itinaas ang kaniyang mga kamay sa Diyos at nanalangin. Bakit? Mabuhay man siya o mamatay, taglay niya ang tagumpay; at samakatuwid, gayon na lamang ang laki ng kaniyang tagumpay na hindi siya magawang kanin ng mga leon. Kita n'yo? Siya'y nagtagumpay.

Gayon na lamang ang tagumpay nina Sadrach, Measach, at Abednego hanggang sa hindi sila matupok ng apoy. Alam n'yo, napakahirap sunugin ng tagumpay, o lamunin, o anupaman. Kita n'yo? Kaya taglay nila iyon.

53 Maaari kong banggitin ang isa pang tauhan. Sa mga kaarawan ni Lot(Tinukoy ito ni Jesus), tatlo lamang ang nagtagumpay; Si Lot at ang kaniyang dalawang anak na babae. Maging ang kaniyang asawa ay hindi nagtagumpay. Siya ay . . . nagsimula siya; siya'y isang tipo. (Sana ay may panahon pa tayo; tapos na ang tatlumpung minuto ko ngayon. Kita n'yo?) Mabuti ang ginawa niya; lumisan siya.

Ngayon, kinakailangan ibigay ko ito sa inyo sa loob lamang ng ilang saglit. Marami sa inyo ang nagsilisan din naman. Iniwan ng marami sa inyo ang mga bagay na ito upang makapanindigan kayo, matapos n'yo itong saliksikin sa Kasulatan at nasumpungan n'yong ito nga'y tama. Nakita n'yo ang bindikasyon ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, at hindi ito bindikasyon sinabi ng kung sino, kundi kung anong sinabi ng Biblia na magaganap, at narito ito ay magaganap. Nakita n'yong iyon ang Katotohanan. Sinimulan n'yo nanag lisanin ang Sodoma, lisanin ang mga denominasyon, lisanin ang mga bagay na gumagapos sa inyo sa isang kredo, at sumunod kayo kay Cristo sa pamamagitan ng pagbibindika ng Espiritu Santo sa Sarili nito sa pamamagitan ng nakasulat na Salita ng Diyos. Sa ibang salita, tinanggap n'yo ang Biblia sa halip ng kredo. Nagsimula na kayong sumunod.

54 Buweno, gayon din ang ginawa ng asawa ni Lot, alam n'yo. Nagsimula siyang sumama kay Lot, sumunod sa kaniyang asawang lalaki, sa kaniyang mga anak, sa kaniyang mga mahal sa buhay, ngunit wala iyon sa kaniyang puso. Mahal pa rin niya ang sanlibutan. Kaya maaari palang makapagsimula ka nang nasa kalooban mo pa rin ang sanlibutan. Kita n'yo, hindi siya nagtagumpay. At bagama't naroroon na siya sa daan, pagdating sa dulo ay nagupo siya nito. Kinakailangan niyang lumingon nang maigi at magtagal sa huling pagkakataon. Doon siya nahuli. Huwag kayong lilingon man lamang. Huwag kayong magnasa. Magpatuloy kayo. Ilagak ninyo ang isipan ninyo sa Kalbaryo at patuloy kayong sumulong kay Cristo! Kita n'yo,

55 Nagsimula siya bilang isang mananagumpay, ngunit hindi siya nagtagumpay. O, nilisan niya ang denominasyon, ginawa niya iyon. Lumabas siyang kasama ni Lot sa Sodoma, ngunit nagnasa siyang bumalik at magpagupit ng buhok. Alam ba n'yo kung ano . . .? . . .kailangan niyang bumalik. Sadyang hindi niya matagalan ang pagsubok. Kinakailangan niyang lumingon muli upang makita kung anong ginagawa ng iba sa kanila. "O, alam mo, kung sabagay may mga matalik akong kaibigan doon. At kung sabagay, baka mamaya ay isa lamang itong munting kilusan; hindi ko tiyak kung tama nga ito o hindi. Salita lang ng lalaking ito ang pinanghahawakan ko. Bagama't asawa ko siya, gayumpaman(Ang pastor n'yo ang inyong aswang lalaki sa espirituwal na pananalita, Kita n'yo?) ngayon, maaari itong maging tama o mali. Hindi ko alam, marahil ay mali ang kaniyang kapahayagan . . .? . . ."

Kung gayon, kung hindi ka lubusang kumbinsido, hindi mo lubusang nalalaman na Salita nga ito ng Diyos, kung gayon ay hindi ka maaaring sumama. Kita n'yo? Kailangan maging kumbinsidung-kombinsido ka. Kinakailangan malaman mo ito, hindi mo lang sinasabi, "Buweno, nakikita kong ginagawa iyon ng iba. Nakakita ako ng tanda."

56 Alam n'yong nagsimulang maglakbay ang Israel . . . Maaari ko ring sabihin iyon at dalhin iyon dito. Nagsimula silang ang bilang ay dalawang milyon at nagwakas sa dalawang lalaki. Tama. Nakita nila ang mga gawa ng Diyos; nakita nila ang pagpapamalas ng Espiritu; nakita nila ang mga dakila, at makapangyarihang himala na ginawa sa Egipto at lahat na, at nagsimula silang lumabas ngunit wala iyon sa kanilang puso. Hindi sila nagtagumpay; lumabas sila. At ang sabi ni Jesus, "At nangapahamak sila sa ilang at nangamatay magpawalang hanggan." Ang bawat isa sa kanila ay namatay; ang kahulugan niyon ay "walang hanggang pagkahiwalay." Bawat isa sa kanila ay ngabulok sa ilang.

57 Ngunit naroroon ang dalawang lalaki, sina Josue at Caleb. At pagdating ng paghaharap (Napakalaki ng mga hadlang na nagmukha silang mga tipaklong sa tabi nila), sina Josue at Caleb ay sumigaw at nagsabing,"Kayangkaya natin iyon." Bakit? Sinabi ng Diyos. At sila ay mga mananagumpay. Nagtagumpay sila. Sila ang binigyan ng pribilehiyo mula sa kabuuan ng malaking organisasyon iyon ng mga tao upang dalhin ang tunay na Hinirang na Nobya sa lumang pangako. Sina Josue at Caleb ang naroroon sa unahan habang ginagabayan sila ng dalawang heneral na iyon sa paglusong sa ilog at tinawid nila ang ilog patungo sa lupang pangako. Bakit? Sumasampalataya sila sa Salita.

58 Kahit pa nga tumintig si Dathan at Core, at sinikap nilang sabihin na, "Pinipilit ng lalaking ito na itaas ang kaniyang kamay nang higit kaysa sa lahat sa atin; mas banal daw siya kaysa sa lahat," matapos na ibindika ng Diyos ang lalaking iyon. Ang sabi nila, "Bumuo na lang tayo uli ng isang grupo ng mga tao. Gagawa tayo ng ganito, ganoon, o ng iba pa. At gagawa tayo ng sarili nating organisasyon; gagawin natin . . ." At nangamatay sila at napahamak. Ngunit taglay ng mga lalaking iyon ang Salita ng PAnginoon, at nanatili sila roon, nakatawid sila. Hindi ang nag-uumpisa; kundi ang nakatatapos. Marami ang nag-uumpisa sa takbuhan, ngunit isa lamang ang nakapagtatapos nito. Maraming iglesia ang nag-uumpisa, maraming grupo ng mga tao. Isang grupo lang ang nakatapos. Iyong ay ang mga mananagumpay.

59 Noong kaarawan ni Lot . . . Oo, kinakailangan niyang lumingon nang maigi at matagal. "O, iiwan ko na si Ganito-at-si ganoon. Hindi ko makakalimutan ang masasayang panahon naranasan namin," at nasarhan siya sa labas, katulad sa kaarawan ni Noe. Siya ay walang-wang nasarhan sa labas at napahamak. At ang haliging iyon, nakatayo parin iyon doon hanggang sa araw na ito, ang sabi nila (Hindi ko alam) kapag tinapyas mo raw iyon, ay tutubo iyong muli, isang haliging asin. Kung makikita ninyo ang "Sodoma at Gomora," ay makikita n'yo ang orihinal na haliging asin na nakatayo roon.

Ngayon, may kaibihan ang haliging asin sa Haliging Apoy. Mayroon kayong . . .? . . .

60 Ngayon, pansinin n'yo ang panahon ni Juan Bautista. Sa panahon ni Juan Bautista ay may anim na kataong nasumpungang nagtagumpay. Sa lahat ng kapanahunan ay mayroong mananagumpay. Sa panahon Ni Juan ay mayroong anim; Sila ay sina Jose at Maria, Zacarias at Elisabet, Simeon at Ana, lalaki at babae, lalaki at babae, lalaki at babae(kita n'yo?), tipo ni Cristo at ng Iglesia, si Cristo at ang Iglesia, si Cristo at ang Iglesia, si Cristo at ang Iglesia. Kita n'yo, kita n'yo?

Pansinin, Nagpasimula iyon sa isang pangkariniwang lalaki. Kay Noe - kay Moises - o kay Jose pala. Ang pangkaniwang lalaking si Jose, ano ba siya? Isang karpintero. Pagkatapos ang saserdote, ano ba siya? Kita n'yo? Isang ministro sa bahay ng Panginoon, si Zacarias. At mula roon hanggang kay Simeon, isang propeta, at isang propetisa. Tingnan ang . . .? . . . pagaaring ganap, pagpapakabanal, bautismo ng Espiritu Santo. Amen. Hindi ba n'yo nakikita? Sakdal na sakdal. Anim ang nagtagumpay. Lahat ng iba pa sa kanila ay nag-alay ng kanilang hain at lahat na, ngunit ang mga ito ay hinirang. Nagtagumpay sila.

61 Pansinin, sa bawat kapanahunana, ang mga iyon din ang nagtagumppay nang sila'y . . . Bawat - may ilan sa bawat kapanahunan ng iglesia ang nagtagumpay sa tukso ng kapanahunan. Narito ang mga kasulatan sa akin sa pagay ko'y wala na talaga tayong oras para gawin ito. Ngunit alam nating . . . Bawat isa sa mga kapanahunan ng iglesia . . . Katulad din ngayon, para lang iyang isang tao na . . .

Kita n'yo, katulad ng sinabi ko noong pasimula, kayo'y ipinanganak na talunan. At ang kapanangakang iyon ay hindi kailan man makapaghahatid sa inyo sa Buhay; sapagkat kayo'y ipinanganak na talunan. At kayo'y nasa isang talunang daigdig sa gitna ng mga talunang tao na napa—napahalubilo sa mga talunang kredo, mga talunang denominasyon. Kailangan mong magtagumpay sa anumang paraan.

62 Katulad din ng isang lirio. Na sa pakiwari ko'y ang lirio ay isa sa mga pinakamagandang bulaklak . . . Gustong-gusto ko ang mga malalaking calla lily at pond lily. Sa palaga'y ko'y halos walang kapantay sa kagandahan ang isang malaking pond lili, tinatawag natin itong water lily. Napakarikit nito. At saan ba ito nagmumula? Isang munting binhi ito sa kalalim-laliman ng maputik at maburak na lawa. At mumunting binhi iyon, gayunman lahat ng karikitang ipinamalas niyon ay naroroon na samantalang nasa burak pa iyon. Ngunit kailangan nitong makipagpunyagi araw-araw, dahil sa nalalaman niyang may isang bagay na . . . madilim, marumi; maburak; malumot sa lusak na iyon na kinasadlakan nito, gayunpaman ay pinagpipilitan nitong matagos ang putik, ang burak, at ang tubig, at sa mga dakong may nakaimbak na tubig hanggang sa maisungaw nito ang ulo nito sa liwanag at maihayag nito kung ano ang nakatago roon sa mga panahong nagdaan.

Sa palagay ko'y ganiyan ang isang mananagumpay na dating nasa kasalanan, dati'y gumagawa ng mga bagay na mali(Huwag na ninyong iyong alalahanin ngayon. Kita n'yo?), dati'y gumagawa ng mga bagay na mali. Pagkatapos . . . Ngayon, bakit ka pa muling titingin sa lawang iyon? Kita n'yo, tingnan n'yo, mayroon kayong . . .

63 Hinatid ng Diyos sa Buhay ang binhing ito sa pamamagitan ng Kaniyang predistinasyon, at ipinahahayag nito ang kaniyang sarili(Kita n'yo?), nabubuhay ito. At ngayon, higit sa lahat na iyon,

nagtagumpay ito. Kita n'yo, hindi nito inihahayag ang sarili nito doon sa ilalim. Umaakyat ito upang maipahayag ang sarili nito.

Hindi n'yo ito nagawa sa inyong kasalanan, at pangangalunya, at lahat ng dating buhay na kinasadlakan ninyo. Wala kayong anumang naipahayag, ngunit may binhi doon sa kaloob-looban. At nagkaroon iyon ng pagkakataong pumasok sa Buhay, at ngayon ay nasa Presensiya na kayo ni Jesus Cristo taglay ang sikat ng araw. Inilabas nito kung ano talaga kayo simula't sapul. Nakikita n;yo ba ang ibig kong sabihin? Nakita n'yo ang liwanag. Namukadkad kayo. Binuksan n'yo ang inyong puso, at ngayon isa na kayong lirio.

64 Naaalala n'yo ba ang sermon ko tungkol sa lirio; si Reverend Lily, kung paanong siya'y nagpapagal. Kahit hindi siya naghahabi, Si Solomon sa buong kaluwalhatian niya ay hindi nagayakan nang gaya ng isa sa mga ito - siya - siya - siya . . . Tingnan n'yo siya. Lumaki siya upang . . . Hindi siya kumukuha ng anuman para sa kaniyang sarili. Hindi iniisip ni lirio ang sariling kapakanan. Ano'ng ginagawa niya? Inilalantad niya ang kaniyang kagandahan, ang kaniyang buhay, upang mamalas ng iba. Ang buhay niya'y nahahayag upang mamalas ng iba ang kaluwalhatian. Kung ano'ng nansa kaniya, yaong nasa kalooban niya, noong nasa putikan pa siya. Ngayon ay nasa yukyok na siya;

Iyan ang mananagumpay. Pinagtagumpayan niya ang putik. Pinagtagumpayan niya ang mga bagay ng sanlibutan, at ngayon ay malaya niyang ipinagkakaloob ang kaniyang sarili. Ang lahat ay maaaring tumingin sa kaniya, sa kaniyang buhay, wala kayong maipipintas dito, kita n'yo, tunay siyang mananagumpay. Wala ka anumang masasabi tungkol sa kaniya ngayon, kundi, "Umalis ka sa putikan." Ngunit wala na siya sa putik ngayon nasa ibabaw na siya nito. Amen. Hindi kayo maaaring tumuro sa kung ano siya noon. Ano nga ba siya ngayon? Nasa ibabaw na.

At ang daraan ang bubuyog at magsasabi, "Napakabango no'n. Palagay ko'y pupuntahan ko iyon at kukunin ko ang para sa akin."

Sadyang binubuksan niya ang kaniyang puso,"Halika, ako'y nag-aalok." Ang lahat ay kumukuha sa kaniya. Kita n'yo? Isa siyang tunay na pastor. Ipinahahayag niya ang kaluwalhatian ng Diyos, at tingnan n'yo kung saan siya nagmula. Kinakailangan niyang magtagumpay upang magawa iyon.

65 Dati ay bata pa ang lalaki o ang babaeng iyon, at marikit, maganda siya. Maraming tukso ang kinakailangan nilang daanan, ngunit pinagtagumpayan nila ang mga iyon. Kita n'yo? Nagtagumpay sila; ngayon ay ipinahahayag na nila ang tunay na kagandahan ni Cristo sa kanilang buhay. Pansinin, ipinahahayag iyon patagos sa putik.

Nagbigay si Jesus ng halimbawa sa atin kung paano iyon isasagawa. Kita n'yo, sa pagpapakumbaba, nagbigkis Siya ng tuwalya, at hinugasan ang paa ng mga alagad, at pinunasan ang mga iyon. Ang pika Diyos ng kalangitan ay nagpakumbaba.

Ayaw nating mapahiya. Iyon ang dahilan kaya ayaw ng mga kababaihan na pahabain ang kanilang buhok (Kita n'yo?), kaya ayaw nilang magdamit ng tamang pananamit ng mga dilag, kung papaanong ayaw din ng mga kalalakihan na . . . Kita n'yo, iyon din. Ayaw nilang . . . Sila - sila'y napapahiya. Ngunit si Jesus ay palaging . . . Tingnan n'yo kung sino Siya. Ang kalalkihan (may sasabihin ako.) - ang kadakilaan ay napapakumbaba. Ang biyaya ay nagpapakumbaba: iyan ang kadakilaan.

66 Nagkaroon na ako ng prebilehiyong makipagkita sa ilang mga dakilang lalaki. At ang mga lalaking ito na nakapagbihis lang at ang laman ng bulsa ay singkuwenta sentimos lang, at siya niyang pinakakalansing, iyon ang lalaking ang akala ay kung sino na siya samantalang wala naman pala. Ngunit nakasama ko na ang isa sa mga dakilang lalaki, ang ibig kong sabihin ay, mga totoong dakilang lalaki, na ang mga manggas ng damit ay gusot-gusot, pati na ang butones, at ang pakiramdam mo ay ikaw ang dakila kung tratuhin ka nila. Kita n'yo,

Ang kadakilaan ay pagpapakumbaba. Huwag ninyong kalimutan iyan, Iglesia. Ang kadakilaan ay naihahayag sa pagpapakumbaba. Hindi sa kung gaano ka kagara . . .

Hindi marungis ang ibig kong sabihin;ang ibig kong sabihin ay may kababaang-loob. Kita n'yo? Hindi ibig sabihin na hindi naliligo at naglilinis ng katawan. Iyon ay . . . Dapat n'yong gawin iyan; alam n'yo iyan. Kita n'yo?

Ngunit ang sinasabi ko ay ang pagpapakumbaba, tunay na pagpapakumbaba, hindi pakunwari lamang, kundi isang bagay na totoong nariyan, iyon ang tunay na pagpapakumbaba.

67 Sinabi sa atin ni Jesus kung paanong gagawin iyon. Nagtagumpay Siya. Ang ibig sabihin . . . Ang salitang "magtagumpay" ay nangangahulugang "makatagal sa pagsubok." (tama) Katulad ng ginawa ng lahat ng mga sinaunang banal, katulad ng ginawa ni Jesus. Sa gitna ng lahat Kaniyang mga kaaway ay nalampasan Niya ang mga pagsubok. Nalampasan Niyang lahat ang mga pagsubok sa Kaniya. Sa harap ng karamdaman, bilang Mesiyas pinagaling Niya sila. Sa harap ng kamatayan, ay ginapi Niya ito sa harap

ng Kalbaryo, ng Kaniyang sariling kamatayan, ay ginapi Niya ito sa pamamagitan ng pagsuko ng Kaniyang Sarili. Bakit? Sa pamamagitan ng Salita. Ang sabi Niya, "Gibain ninyo ang templong ito, at itatayo Ko sa loob ng tatlong araw." Sinabi ito ng Salita. Kita n'yo? Ginapi Niya ang kamatayan sa harap nito; pinagtagumpayan Niya ang kamatayan. Ginapi Niya at pinagtagumpayan ang impiyerno sa harap nito. Pinagtagumpayan Niya ang libingan sa harap nito. Bakit? Ang lahat ay sa pamamagitan ng Salita at pagpapakumbaba. Ay, naku. Iyan ang tunay na Lalaki. Iyan ang dapat n'yong gawing Halimbawa. Kita n'yo? Ginapi Niya ang lahat, Pinagtagumpayan Niya.

68 Tingnan n'yo. Hinabol Siya ng tukso. Alam n'yo ba iyon? Sinabi ng Biblia na Siya ay tinukso sa lahat ng paraan gaya rin naman natin, gayon man ay wala Siyang kasalanan. Tinukso Siya ng - pag-inom; tinukso Siya ng mga babae; tinukso Siya ng - ng lahat ng maaaring ipanukso sa Kaniya. Tinukso Siya ng lahat ng bagay na tumutukso sa atin. Isa Siyang Tao. Gayunma'y wala kayong maibibilang na pagkakamali sa Kaniya. Opo.

Ang"magtagumpay" ay nangangahulugang "makilala mo ang diablo sa lahat ng lalang niya." Maraming tao ang nagsasabing walang diablo, iyon ay isang kaisipan lamang. Huwag kayong maniwala riyan. May totoong diablo. Kasing totoo ninyo siya, o ng sinuman, tunay siyang diablo. At dapat n'yong makilala na siya ay totoo. Dapat n'yong malaman na siya ay diablo. At pagkatapos, oras na makilala n'yo siya at malaman n'yong siya nga ang diablo, at siya'y laban sa inyo, kung magkagayon, para magtagumpay kayo dapat n'yong mapagkilala na ang Diyos na nasa inyo ay higit na dakila at higit na makapangyarihan kaysa sa kaniya . . . ? . . na napagtagumpayan na siya Niyang nasa inyo, at sa Kaniyang biyaya ay higit kayong malakas kaysa sa kaniya. Amen. Iyan ang tunay na pagtatagumpay,pag napagkilala mong . . .

69 Lumingon ka pabalik at nagsabi, "Ginagawa ko ito noon, at ginagawa ko iyon noon." Kung magkagayon ay, naku, ikaw - ikaw - ika'y talunan.

"Ngunit wala nang anuman hatol sa mga na kay Cristo Jesus na hindi lumalakad ayon sa laman kundi ayon sa Espiritu. Kung gayon ay napagtanto ma na ila'y nagtagumpay na.

At alam mong ssiya'y diablo. Hindi mo maaaring sabihib, "May sakit ako, ngunit hindi ako naniniwala na ito ay isang sakit." Aba, eh sakit nga iyan, eh. May cancer ka; hindi ka naniniwalang cancer iyan; cancer iyan. Cancer nga iyan. Ngunit alalahanin mo, mas dakila Siya na nasa inyo kaysa sa kaniya na nasa sanlibutan. Dapat mong mapagtanto na napagtagumpayan na ng Espiritu Santong nasa iyo ang bagay na ito. At nasa iyo na Siya, at makapagtatagumpay ka sa pamamagitan Niya. Ganiya-ganiyan ang pagkakasulat sa kasulatan: Iyan ang tamang pangangatuwiran. Ang pananagumpay.

Kailangan kong magmadali. Nakagugol na ako ngayon ng apatnapu't limang minuto. Sobra-sobra na talaga ang oras ko ngayon.

70 Pansinin, magtagumpay. Ang Diyos na nasa iyo ay higit na dakila kaysa roon sa nasa kaniya. Ang Diyos ng sanlibutan ay hindi kasing dakila ng Diyos ng Kailangan na nananahan sa iyo. Kung paanong hindi makatagal ang kadiliman sa presensiya ng liwanag.

Gaano man kadilim; papawiin ito ng liwanag. Hindi ito makatatagal. Luwalhati! Ngunit kumuha ka ng kadiliman hangga't gusto mo, at minsan mong subukang tumayo sa laban sa liwanag, at tingnan mo kung ano'ng mangyayari.

Ang nasa iyo ay liwanag. At ang nasa sanlibutan ay kadiliman. Kaya't napatunayan nang nagtatagumpay ang liwanag sa kadiliman. At ang isang taong na kay Cristo na at nalalaman niyang nagtagumpay na Siya sa mga bagay ng sanlibutan (Amen), wala nang pagkakatali ito sa iyo, ika'y malaya na. "Lumakad tayo sa Liwanag gaya Niya na nasa Liwanag, at nililinis tayo ng Dugo ni Jesus Cristo sa lahat ng kasalanan, at mayroon tayong pakikisama sa isa't isa magpakailan man." Ganiyan nga.

71 Siyang nasa iyo ay higit na dakila kaysa sa kaniya na nasa sanlibutan. Ngayon, 'pag lumingon ka sa nakaraan at ika'y nahahatulan, kung gayo'y nasa sanlibutan ka pa rin. Ngunit kung lampas na riyan ang pamumuhay mo, kung gayo'y dinala ka na Niyaong nasa iyo sa ibabaw ng kadiliman.

Katulad ng lirio, na nasa ibabaw na siyang kadiliman ng putik. Nasa ibabaw na siya ng kadiliman ng maputik na tubig. Nasa liwanag na siya, ipinapakita ang kagandahang nasa kaniya na bago pa niya lisanin ang putik. Amen!

Ngayon, aang pakiramdam ko'y isa akong Cristianong mahilig sumigaw. N Yoang inilagay ng Diyos doon sa pasimula pa lamang, ay nagsikap na makalusot at nagtagumpay iyon. Napagtagumpayan nito ang lahat ang talupak ng binhi; napagtagumpayan niya ang putik; napagtagumpayan nito ang tubig. Napagtagumpayan nito ang lahat at naging isang mananagumpay at naipakita nito ang kagandahang at kaluwalhatian ng Diyos.

72 Ganiyan ang bawa't mananampalataya. Ganiyan ang ginawa ni Noe. Ganiyan ang ginawa ni Lot. Ganiyan . . . Tingnan n'yo kung ano'ng kaguluhan ang kinasadlakan niya. Ganiyan ang ginawa ni Moises.

Ganiyan ang ginawa ni Josue. Ganiyan ang ginawa ni Simeon, ganiyan ang ginawa ni Ana, at ang bawat isa sa kanila. Pinagtagumpayan nila ang putik na nakapalibot sa kanila at nanuot sa kanila, itinaas nila roon ang kanilang mga ulo, at ipinamalas nila ang kaluwalhatian ng Diyos. Iyan ang ginagawa ng isang tunay na Cristiano.

73 Alalahanin, ipinakita sa atin ni Jesus kung paano iyong isasagawa. Apatnapung araw na panunukso. Tinukso Siya nabg higit sa kaninumang tao na maaaring matukso, sa pagkatuksong iyon kay Jesus Cristo. Ngayon, masdan. Ipinakita sa atin kung paano iyong isagawa. (Ngayon, pagtatapos na ako sa loob lamang ng ilang minuto. Kita n'yo?)

Tingnan n'to, ipinakita Niya sa atin kung paano iyong isinasagawa. Paano nga ba Niya iyon isinagawa? Sa pamamagitan ng Salita. Ganoon Niya iyon isinigawa, sapagkat Siya ang SAlita. At ang . . . ang sabi ni Jesus, "Kung mananatili kayo sa Akin, ang Salita Ko'y mananatili sa inyo . . ." Nasa Salita na naman kayo, sa Salitang ipinangako. Ano ang Salitang ipinangako sa bawat Cristiano? "Higit na dakila Siya na nasa inyo kaysa sa kaniya na nasa sanlibutan." Kung gayon paano ba akong magtatagumpay? Hindi ako, kundi ang Salitang nasa akin. Ang Salita ay Diyos. "Kung mananatili kayo sa Akin, at ang Salita Ko'y mananatili sa inyo, kung gayo'y hilingin ninyo ang anumang ibigin ninyo" Magpatuloy lang kayo sa pagtaas. Tiyak na tiyak na makarating din kayo sa ibabaw. Kita n'yo? Makaaahon at makaaahon din kayo.

74 Sa apatnapung panunukso ay nagtagumpay siya sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. May nais akong ipagdiinan dito sa loob lamang ng ilang sandali. Gumawa si Satanas ng tatlong malalaking pananalakay sa Kaniya sa panunuksong iyon. Masdan, lagi iyong tatluhan. Huwag n'yong kalilimutan ang mga ito. Gumawa siya ng tatlong malaking pagsalakay mula sa pinakamataas pababa. Sinikap niyang talunin Siya sa Abo't ng kaniyang makakaya, ngunit Siya ang Salita. Amen. Ano'ng ginamit niya? Ang Kaniyang Sarili, ang Salita. May tatlong malalaking pagsalakay na ginawa si Satanas sa Kaniya, ngunit sinalubong Niya iyon ng Salita. Bawa't pagsalakay, na magagawa niya sa Salita(Masdan n'yo ito ngayon), ay mula sa pinakamataas pababa.

75 Ang unang pagsalakay na ginawa niya sa Kaniya ay ang hamunin siyang gamitin ang Kaniyang dakilang kapangyarihan. At alam Niyang Siya ang Salita; alam Niya ang Kaniyang posisyon. At lumapit si Satanas at nais niyang gamitin Niya ang Sarili Niyang kapangyarihan, para Siya makakain. Nais niyang pakainin Niya ang sarili Niya, naguguton Siya noon. Kapag nagugutom ang isang tao, lahat halos ng bagay ay maaari niyang gawin. Mangungupit siya, magnanakaw, mamamalimos, mangungutang, at lahat na. Kita n'yo, nasa Kaniya ang pagnanasang iyon. At ginamit ni Satanas ang kanyang unang pagsalakay sa Kaniya at nais niyang kunin Niya ang kapangyarihang ibinigay sa Kaniya upang makapagtagumpay at gamitin iyon sa Kaniyang Sarili. Hindi Niya ginamit iyon sa Kaniyang Sarili. Hindi, ginamit Niya iyon sa iba. Tama. Ginamit Niya iyon sa iba, hindi sa Kaniyang Sarili; hindi iyon para sa Kaniya. Bagama't maaari Niyang gawin iyon, totoong maaari Niyang gawin iyon.

76 Ngunit nakikita n'yo ba kung paano manilo ang diablo? Ang gusto ng diablo ay sundin n'yo siya. Kung ano lamang ang sinabi ng Ama, iyon ang sinunod Niya. Tama.

Ang sabi Niya, "Oo nga, ngunit nasusulat din." Hayan ka. Kita n'yo. Kilala Niya kung sino Siya. Ang ginawa ni Satanas . . . Higit na malalim ang kaisipan kaysa kung anong nakasulat. Kita n'yo, inspirasyon iyon. Ang laman ay nasa loob nito (Kita n'yo?), kung ano talaga ito.

Bagama't magagawa Niya, hindi Niya iyon ginawa. Ngunit hindi Niya pinakinggan ang mga mungkahi ni Satanas.

Ngayon, narito ang isang mabuting bagay. Kita n'yo, kung minsan, maari kang kunin ni Satanas, at kung sa palagay mo ay tinutupad mo ang kalooban ng Diyos, at nagmumungkahi siya sa iyo at tinatanggap mo naman. Opo. Kayang-kaya niyang gawin iyon.

77 Ngayon, gawin na lang nating halimbawa ang mga kapatid nating kababaihan. Magaganda sila, at kaya niya kayong dalhin sa lugar na matapos n'yong pahabain ang inyong buhok hindi n'yo akalaing bagay na bagay pala iyon sa inyo, at ang unang malalaman n'yo ay medyo nagkakaroon na kayo ng pagmamalaki, na medyo mas mataas na kayo kay sa iba. Ang ilan sa mga kalalakihan, alam n'yo kong ano'ng ibig kong sabihin. Kita n'yo, maari niyang kunin ang bagay ding iyon at imungkahi ang gayon sa inyo. Tama. Kita n'yo? Kailangan n'yong mapagtagumpayan iyan.

Alalahanin lang, na ika'y nabubuhay para sa Diyos. Iisa ang iyong hangarin, at iyon ay si JesuCristo. Maliban diyan, wala nang iba pang mahalaga; Siya lamang. At ang ikalawa ay para sa iyong pamilya; at ang ikatlo ang para sa iyong sarili; ngunit ang una sa lahat ay ang para sa Diyos at ang kasunod ay ang para sa iyong pamilya, at pagkatapos ay ang para sa iyo. Ikaw ang pangatlo; iyon ang dulo ng daan. Ilagay mo ang sarili mo sa huli; ginawa Niya iyon.

78 Tingnan n'yo kung ano ang maari Niyang gawin, ang sabi Niya, "Maari Kong tawagin ang Aking Ama,

kausapin Siya, at dali-dali Siyang magsusugo sa Akin ng labindalawang hukbo ng mga Anghel." Samatalang maaaring wasakin ng isa lang sa kanila ang daigdig. Ang sabi, "Kung ang kaharian Ko ay sa sanglibutang ito, ang mga pinaghaharian Ko ay makikipagbaka, ngunit ang kaharian Ko ay sa itaas." Hayan ka. Kita n'yo, maaari Niyang gawin iyon, ngunit hindi Niya ginawa. Kita n'yo? Bagama't kaya Niyang gawin iyon, hindi Niya kailanman pinakinggan ang mungkahi ni Satanas.

Ngayo, narinig n'yo na bang sinabi ng mga tao, "kung—kung—kung— naniniwala kang may isang Tagapagpagaling . . . kung ika'y Tagapagpagaling . . . Kunin mo ang Tagapagpagaling mo; mayroon ditong isang taong maysakit; gusto ko siyang makitang gumaling." Nakikita n'yo ba ang siya ring diablong iyon? Nagsisikap siyang magmungkahi sa inyo kung gayon. Kita n'yo? Pinipilit niyang makinig kayo sa kaniya sa halip na sa Diyos. Ngunit ang isang tunay at totoong lingkod ng Diyos ay makikinig at titingnan muna niya kung ano'ng sinasabi ng Ama.

79 Katulad ng nangyari sa sanggol na Stadsklev, nang sila ay magpasugo rito upang . . . Ang sabi ni Gng. Stadsklev, "Brother Branham, tumawag ako mula sa Germany." May mga Amerikanong sundalo roon at ang isa sa kanilang jet plane ay nakalapag doon sa paliparan, ililipad nila ako sa Germany at pabalik sa loob ng maghapong iyon. Ang ama ng bata ay isang chaplain. At nakaratay ang sanggol, patay na. at ang ina ay nagtitili, ang sabi niya, "Makinig ka . . ." Ang sabi, "Alam ko; nakatayo ako nang mangyari iyon at nakita kong niyakap ng babaeng iyon ang sanggol noong umagang iyon. Nakita kong lumapit si Brother Branham at pinatungan niya ng kamay ang patay na sanggol na iyon, at nabuhay iyon." Ang sabi, "Anak ko ito, Brother Branham." Wala pang namamatay sa kanilang pamilya. Kita n'yo? At ang munting batang iyon ay nagkasakit noong umagang iyon at namatay kinatanghalian.

Narito't lahat sila'y nakatayo sa paligid at nagsisipanghula at iba pa, "Ang sanggol ay mabubuhay," at lahat ng bagay na gaya no'n.

Ang sabi ko, "Buweno, napakainam niyan Sister Stadsklev, ngunit hayaan mong tingnan ko kung anong sasabihin ng Ama."

At nagtungo ako sa kagubatan, at ako'y nanalangin. Nagbalik ako, dalawa o tatlong beses na pala siyang tumawag bago ako makablik kinaumagahan. Wala.

Ang sabi ng duktor, "O, sige, kung iyan ang . . . Kung ganiyan ang inyong pananampalataya, ginang, hindi natin palalabasin ang sanggol sa hospital. Hayaan lang nating siyang mahiga rito. Samahan mo siya rito. Walang problema riyan." Umalis si Brother Stadsklev at nakipagkita sa mga sundalo at sa major, at ang sabi nila, "Aba'y oo, ililipad namin siya at pagkatapos ay ibabalik din namin siya."

80 At may eroplano roong nakalapag at naghihintay para ilipad ako roon noong umagang iyon at pagkatapos ay ibabalik din ako kinagabihan, doon sa Germany, sa Heidelberg, Germany upang buhaying muli ang sanggol na iyon. Ang sabi ko, "Tiyak ngang kayang gawin iyon ng Diyos, ngunit tingnan natin kung ano ang kalooban Niya."

Pagkatapos ay lumabas ako at nanalangin buong magdamag; walang nangyari. Bumalik ako kinaumagahan; walang anumang nangyari. At papasok na ako sa silid. Noon din ay tumingin ako roon, at naroo't nakabitin ang Liwanag na iyon malapit sa pintuan, ang sabi, "Huwag mo iyong pakialaman. Huwag mo iyong sasawayin. Kamay iyon ng Diyos."

Tinawagan ko siya sa telepono; ang sabi ko, "Sister Stadsklev, ilibing mo na ang iyong anak. Kamay ito ng Panginoon. Kalooban ito ng Diyos. May mangyayari sa batang iyan sa hinaharap. Hayaan mo na lang siya riyan kung saan ay alam ng Diyos kung nasaan siya. Hindi mo siya maaaring lapitan ngayon. Kung mabubuhay siya, ikaw naman ang mamamatay. Iwan mo na siyang ganiyan.

Ang dakilang mangangaral na iyon na Lutheran sa Germany ay sumulat at nagsabi, "Hinahangaan ko nang lubos ang ginawang paghihintay ni Brother Branham sa malinaw at tiyak na pasya ng Diyos." Anuman ang sabihin ng iba, o anuman man iyon, huwag na huwag kayong tatanggap ng mungkahi mula kay Satanas.

81 Kapag sinabi ni Satanas, "Ngayon, ang bautismo sa tubig sa pangalan ng Ama, Anak . . ." Kung iyon —kapag nagmungkahi siya, huwag n'yo na lang intindihin. Kabaligtaran ang sinabi ng Diyos. Kapag sinabi niya, "Ika'y mabuting tao; hindi mo na kailangang maging . . . Ika'y mabuting babae, hindi mo na kailangang gawin . . ." huwag kayong tatanggap ng mungkahi niya. Kapag iba ang sinabi ng Salita, manatili kayo sa Salita, anuman iyon. Iyan ang halimbawang ibinigay sa inyo ni Jesus at hayun ang malaking pagsalakay (Kita n'yo?) na ginagawa niya sa Kaniya.

82 Pagkatapos, ang ikalawang atake. Magmamadali ako. (Tila napakabilis ng paglipas ng oras.) Ang sumunod na malaking pagsalakay na ginawa niya sa Kaniya, ay yaong gusto niyang magpasikat Siya. At talagang nasasapul niyan ang mga lingkod ng Diyos, ang magpasikat, at ipakita kung ano'ng kaya mong gawin. "Luwalhati sa Diyos. Aleluia, isa akong tagapagpalaya. May sinabi ako." Kita n'yo?

"Umakyat Ka rito sa tuktok ng templo at maupo ka rito." Tinukso niya Siyang gawin iyon. Ngayon alalahanin, natukso Siyang gawin iyon. Naging mahirap iyon. Ang sabi, "Ngayon, kung gusto Mong sumikat sa paningin ng mga tao, tumayo Ka sa templong ito at ika'y tumalon." Kita n'yo. Ibibigay ko sa Iyo ang Kasulatan para rito, sapagkat, 'magbibilin sa mga anghel tungkol sa Iyo baka sa anumang oras ay matisod ang Iyong paa sa isang bato; aalalayan Ka nila."' Upang magpasikat Siya, upang ipakita Niya ang kaniyang kapamahalaan . . .

Hinding-hindi gagawin iyon ng tunay na lingkod ng Diyos. Kapag nakita n'yo ang isang lalaking nagpapasikat, nakausli ang dibdib, at lahat na, pakatandaan n'yo lang, may mali doon. Hindi, hindi iyon gusto ng Diyos. Si Jesus ang nagpakita ng halimbawa. Kaya Niyang gawin iyon. Talagang kaya Niyang gawin iyon, ngunit hindi Niya ginawa. Walang sinumang lingkod ng Diyos na mapagpasikat, at susubok na gamitin ang kapangyarihan ng Diyos at magpapakitang nakahihigit Siya kaysa sa iba.

83 Naalala n'yo ba nang gawin iyon ni Moises? Naaalala n'yo ba iyon? Pinagkalooban siya ng Diyos ng kapangyarihan upang gawin ang anumang naisin niya, ginawa Niya siyang isang propeta. Nagtungo siya sa batong iyon at pinalo niya ang bato nang makalawa. Salungat iyon sa kalooban ng Diyos. Ang sabi ng Diyos, "Magsalita ka sa batong iyan. Huwag mo nang hampasing muli. Sisirain mo ang lahat ng—ng tipo rito. Minsan lang dapat hampasin ang Bato." Ngunit para niyang sinabing mahina ang Salita ng Diyos nang gawin niya iyon, na hindi Iyon sapat. Siyanga, ang Salita ang gaganap noon; ang batong iyon ay ang Salita. Kita n'yo?

Nang una niyang hampasin ang bato, ay lumabas ang tubig. At pagkatapos nauhaw silang muli. Ang sabi Niya, "Ngayon, magbalik ka at magsalita ka sa bato." Minsan lang iyon hinampas. Kita n'yo, ipinahahayag ni Moises na hindi sapat ang Salita, na ang ang Salita ay hindi tama. Na kinakailangan hampasin iyong muli.

Kaya't nagtungo roon si Moises at hinampas niya nang gano'n ang bato, ang sabi, "Lumabas ka!" Hindi iyon lumabas. Kaya't hinampas niyang muli at ang sabi niya,"Lumabas ka! Inuutos kong lumabas ka." At lumabas nga ang tubig.

Ang sabi nang Diyos, "Lumapit ka nga rito. Halika ka rito. Niluwalhati mo ang iyong sarili. Inangkin mo ang Kapangyarihan Ko, sa halip na pabanalin mo Ako, pinabanal mo ang iyong sarili. Ngayon, hindi ka makakatawid sa lupain. Tanawin mo upang makita mo ang anyo niyon, ngunit dito, dito ka papanaw." Ay, naku. Walang sinumang naging tulad ni Moises, alam n'yo. Ay, wala.

84 Nang dumating siya upang magpasikat kay Jesus, ang sabi niya, "Pumanhik ka rito sa templo at pagkatapos ay tumalon Ka."

Ang sabi Niya, "Nasusulat (Amen); "Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos." Kita n'yo? Sinalubong Niya siya sa pamamagitan ng Salita sa bawat malaking pagsalakay niya.

Hinding-hindi magpapasikat ang isang tunay na lingkod sa - sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Kapag ginawa niya iyon talunan na kaagad siya sa sandaling iyon.

85 Ang ikatlong malaking pagsalakay: inalok Siya ni Satanas upang kunin Niya ang kahariang ito. Iyon nga ang ginawa niya. Ang sabi ni Satanas, "Nakikita mo ba ang mga kahariang ito ng sanlibutan? Akin ang mga ito. Nagagawa ko sa mga ito ang anumang naisin ko. Ibibigay ko ang mga ito sa iyo."

Ngunit alalahanin n'yo, sinusubukan niyang ipakuha iyon sa Kaniya nang hindi Siya dumaraan sa krus. Kung ginawa Niya iyon ay napahamak na sana tayo. Maaari Niyang kunin ang mga kahariang iyon, ngunit kailangan Niyang sundin ang . . . Kailangan Niyang magbalik; natukso Siyang kunin iyon. Mahirap iyon. Natukso Siyang kunin ang Kaniyang kalayaan at maging Hari sa ibabaw ng lupa ng walang krus. Ngunit kung ginawa Niya iyon, nangamatay na sanang lahat ang nasasakupan Niya. Malugod iyon inumungkahi ni Satanas sa Kaniya. Ngunit ang sabi Niya, "Lumagay ka sa likuran Ko, Satanas." Hindi Niya iyon ginawa.

86 Pumarito Siya, at nagbata at tumahak sa bakubako at at mahirap na landasin. Tinahak Niya ang landas ng pag-uusig; tinahak Niya ang landas ng kamatayan. Handa ba tayo sa umagang ito na gawin - na tahakin ang landas na Kaniyang tinahak? Handa ba tayong mamatay? Handa ba tayong ipagkaloob ang ating sarili sa Diyos, at isuko ang buong sanlibutan at ang mga bagay upang maglingkod sa Kaniya? Kita n'yo?

Ngayon, hindi Niya iyon nagawa. Bagama't natukso si Jesus, nagtagumpay Siya para sa atin. Binata Niya ang lahat ng tukso para sa akin at para sa inyo. Kita n'yo, maaari na sana Niyang kunin iyon sa pagkakataong iyon. Ngunit bakit ang daan na iyon ang tinahak Niya? Upang tayo ay makapiling at makasama Niya. At kung nagbayad Siya sa ganoong halaga, kung gayo'y napakaliit natin kung hindi natin iyon tatanggapin, samantalang alalahanin, wala rin naman tayong anumang mahihita rito.

87 Kung sakaling mabubuhay ka ng sandaang taon, ano'ng kahihinatnan mo? Kasiraan ng pag-iisip, at ang iyong kaisipan ay mawawala na, at malulumpo ka, at tatanda, at mangangatog. Iyan ang

kahihinatnan mo. At iyan na ang magiging katapusan. Lumapit ka na ngayon. Pagtatagumpayan mo ang bagay na iyon. Paano mo itong magagawa? Sa pamamagitan ng Salita. Sundin mo anuman ang sabihin ng Salita. Lumakad ka nang may pagpapakumbaba; mamuhay ka sa harapan ni Jesus.

Tiniis Niya ang lahat ng bagay para sa iyo at sa akin. Siya ang halimbawa natin kung papaano nating mapagtatagumpayan ang ating masamang henerasyon, kung paanong pinagtagumpayan Niya ang kaniyang masamang henerasyon.

Alalahanin, nang dumating Siya sa lupa ay naging napakatindi rin ng dipagsampalataya ng mga tao a marahil ay higit pa nga iyon kaysa sa alin mang panahon. Hindi iyon nakagambala sa Kaniya kaunti man. Nang tawagin nila Siyang demonyo sa halip na Diyos, nang bansagan nila Siya ng lahat maaaring ibansag sa Kaniya, hindi iyon nakagambala sa Kaniya kaunti man. Iisa ang Kaniyang layunin; ang sundin ang Ama; tuparin ang Salita. Ang salita ng Diyos. Iisa ang kaniyang iniisip.

88 Minsa ay natutukso yayong bumalik. Marami sa inyo, ang natutuksong magbalik sa mga denominasyon, bumalik at sumama, 'pagkat ang buong mundo'y nagsasabing, "Sa ano'ng denominasyon ka ba kabilang? Anong iglesia ang kinasasapian mo?" Natutukso tayong gawin iyon. Lahat tayo. Ang mga kapatid nating kababaihan ay natutuksong magbalik, bumalik at makilahok sa - ilan sa mga iglesia, sa mga assemblies, o sa mga Church of God, o sa ilan sa mga iyon, at manatili pa ring Pentecostal at magpapagupit ng buhok at magdadamit ng anumang naisin nila. Kita n'yo, natutukso kayong gawin iyon, ang bumalik at maging sikat sa napakasamang henerasyong ito na kinabubuhay natin, samantalang ito ang pangunahing kasalanan ng kaarawang ito, ang pangunahing kasalanan sa kalagitnaan ng mga tao, ang pagiging sanlibutan. Katulad ng sinasabi ng Bibliang kalagayan ng Kapanahunang Laodicea, siya'y makasanlibutan, mayaman, hindi nangangailangan ng anuman, at hindi nalalamn na siya pala'y hubad, maralita, aba, bulag. Iyan ang kasalanan ng ating kaarawan. Kapag naririnig mong sumisigaw ang Salita ng Diyos laban dito, at minabuti mong tahakin ang kabilang daan, kinaiinisan ka ng sanlibutan. Natutukso kayong bumalik.

89 Alam kong parati n'yong sinasabi sa akin. Alam kong sinasabi n'yo sa tuwina . . . alam kong nagsasagawa na kayo sa pagsasalita ko tungkol sa mga bagay na ito. Nagsasawa na rin kasi akong makita na lagi ninyong ginagawa iyon. Ang kasalanang ito na sinisikap kong sabihin sa inyo . . . Sasabihin n'yo, Bakit ba lagi mo na lang sinasabi iyan?" Tigilan n'yo na kasi ang paggawa niyan. Sinisikap kong iligtas ang buhay ninyo sa pamamagitan ng Salita. Nagsasawa na rin ako. Kaya't ituwid n'yo na lang ang inyong mga sarili. Kasalanan iyan, hindi n'yo dapat ginagawa iyan. Opo!

Kung dapat nating pagtagumpayan ang mga bagay na ito, inaasahan natin tutuksuhin tayo ng mga ito, ng sanlibutan, "Kung umiibig kayo sa sanlibutan, o sa mga bagay sa sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa inyo," ang sabi ni Jesus.

90 Ngayon, magtatapos na lang tayo sa pagsasabi ng ganito: May gantimpala para sa mananagumpay.

Hayaan n'yong basahin ko sa inyo ang isang bagay na dito. Buklatin n'yo sa inyong mga Biblia. Bumalik tayo sa Apocalipsis, sa ikatlong - sa ikalawang kabanata. Masdan n'yo ngayon dito. Lahat ng mga bagay na ito na sinasabi ko tungkol sa pagtatagumpay . . . Ngayon, tingnan mo lang ang sarili mo at makikita mo; siyasatin mo ang sarili mo sa espirituwal na Salaming Pangsiyasat. Tingnana mo kung magtatagumpay ka.

91 Ngayon, ang unang mensahe sa - sa anghel sa Efeso, nais kong pakinggan n'yo ang sinasabi Niya sa Apocalipsis sa ika-2 kananata, ika -7 talata. Ito ay para sa kapanahunan ng iglesiang iyon, nang sabihin Niya sa kanilang lahat kung ano'ng ginagawa nila, iniwan nila ang una nilang pag-ibig. Sa ikapitong talata:

Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espi - Espiritu sa mga Iglesia; Ang magtagumpay . . . (Ang persona, hindi ang iglesia) . . . Ang magtagumpay - magtagumpay ay siya kong pakakainin ng punong kahoy ng buhay, na nasa paraiso ng Diyos.

(Kita n'yo, ang mga mananagumpay sa Efeso.)

Ngayon, ang kasunod ay ang Smirma, sa mga mananagumpay na naroon, pakinggan natin ito. Ngayon, sa ika-11 talata: Ang - ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan.

(Kita n'yo, ang manangumpay.)

Sa Pergamo, makikita natin kung ano ang inilaan para sa magtatagumpay. Basahin natin ang ika-17 talata, sa iglesiang Pergamo.

Ang may pakinig, ay makinig . . .

(Iyon ay ang indibiduwal, hindi ang buong kalipunan, kundi ang indibiduwal. Iyon ang Nobya na

lumalabas, kita n'yo, sa iglesia) . . .

Ang may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap. (Iyon ay sa magtatagumpay sa kapanahunang iyon ng iglesia.)

92 Ngayon, ang kasunod ay Tiatira. Tingnan natin kung ano ang nasa mananagumpay sa - sa araw na iyon. Kunin natin ang ika-26 na talata.

At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa (Tama 'yan.)

At . . . sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal; gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking ama.

(Kita n'yo, kasama Niya sa Kaniyang luklukan. Si Cristo ay maghahari sa mga bansa sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, at narito ang iglesia na nagtagumpay na nakaupong kasama Niya roon upang durugin ang mga bansa sa pamamagitan ng panghampas na bakal.)

Ngayon, kunin natin pagkatapos niyan ang para sa iglesia ng Sardis. Ngayon, sa ika-5 talata ng ika3 kabanata: Ang magtagumpay, ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipapahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at . . . sa harapan ng Kaniyang mga anghel. (Iyan ay sa manangumpay sa Sardis).

93 Ngayon, kunin natin ngayon ang ika-12 talata. Ngayon, ito ay para sa iglesia ng - ng Filadelfia, sa ika-12 talata. Ang mananagumpay ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Diyos, at hindi na siya lalabas pa roon: at isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking - ang pangalan ng aking Diyos, at ang pangalan ng bayan ng aking Diyos, ang bagong Jerusalem, na mananaog buhat sa langit mula sa . . . sa aking Diyos, at ang aking sariling bagong pangalan.

Masdan kung ano'ng ipinangako sa manangumpay. Kita n'yo?

Ngayon naman, ay ang Laodicea, iyan ang huling kapanahunan ng iglesia; magkaroon ng mga mananagumpay doon. Masdan n'yo! Sila'y . . . Alalahanin na bawat kapanahunan ng iglesia, minana nito ang lahat ng mga inalok sa mga nauna. Masdan n'yo rito. Ngayon, ito'y matapos na nilang tanggapin ang lahat ng mga kapangyarihan ito at ang mga bagong pangalang ito at lahat ng nakasulat na ipinangako Niya, ang kumain ng natatagong mana at lahat na sa kabuuan nito. Masdan n'yo ang huling kapanahunan ng iglesiang ito, Apocalipsis 3:21:

Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan . . .(Amen.) . . . gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan.

Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.

May gantimpala para sa mananagumpay. Magtumulin ka sa pagsulong, Lirio. Kung iyo'y nasa inyo, iantabi mo ang putik at lahat ng iba pa, at magmatulin kang umahon doon sa tuktok. Opo. “Na umupong kasama Ko sa Aking luklukan.”

94 Alam n'yo, minsan ang ina nina Santiago at Juan(Wala na tayong panahon para basahin ito) - ang ina nina Santiago at Juan ay lumapit at hiniling ang lugar na ito. Alam n'yo ba iyon? Naalala n'yo ba yaong, “Panginoon,paupuin Mo ang isa kong anak sa Iyong kanan, at ang isa naman ay sa Iyong kaliwa.” Iyon ang pagnanasa ng isang ina para sa kaniyang mga anak.

Ngunit masdan. Wala pa ang posisyong iyon noong panahon na iyon. Bakit? Pansinin, ipagkakaloob iyon sa mga pinagtalagahan nito. Ano? Ang nauupo sa kanan at kaliwa at yaong pinakamalapit sa Kaniya ay kailangan munang magtagumpay. Kita n'yo, noon ito ay . . . Ang sabi Niya, “Hindi ko ito ipiagkaloob pagkatapos ng pagsubok.” Amen. Kita n'to? “Hindi ko ito maipagkaloob, ngunit matapos dumating ang pagsubok ay magsisiupo kayo sa kanan at sa kaliwa Ko.” May naghihintay na predistinadong binhi para dito. Ipagkakaloob sa mga pinangakuan nito. Ipagkakaloob iyon doon, ngunit hindi pa dumarating ang pagsubok noon. Na - hindi pa Siya nakapagtatagumpay.

95 Kita n'yo, ang lugar na ito sa kanan at sa kaliwa na katabi Niya sa Kaharian, ay hindi pa ipinagkakaloob sa taong uupo roon. Kita n'yo? Ang isang iyon ay hindi pa napagtatagumpayan. Hindi pa dumarating ang pagsubok. Darating iyon sa hinaharap.

Kung tayo'y magtitiis kay Cristo at sa kaniyang Salita, maghahari tayong kasama Niya; sapagkat Siya ang Salita. Alalahanin, kung magtitiis tayo para sa Kaniya at sa Kaniyang Salita,maghahari tayong kasama Niya sa Kaniyang Salita.

Pansinin, Siya, ang ating halimbawa, ay nagtagumpay at pagkatapos ay umakyat Siya matapos Niyang lupigin ang kamatayan, ang Hades, ang karamdaman, ang libingan at lahat ay nalupig Niya, pagkatapos ay saka Siya umakyat, at dinala Niyang bihag ang pagkabihag, nagbigay ng mga kaloob sa mga tao. Iyon ay ang Lumang Tipan kasama ng mga banal ng Lumang Tipan na nagsipagtagumpay. Naghintay sila sa gayong uri ng Persona, at nangamatay na sila bago pa Iyon naparoon. Ngunit nang dumating ang Personang ito, hindi nito hinadlangan ang mga nangatutulog. Amen. Hindi sila maaaring matalo sa anumang paraan. Mabuhay man o mamatay, ano ba'ng kaibahan nito? Hindi ito makahahadlang. Kita n'yo, hinintay nila iyon. . .

96 Maging si Job noon pa man ay naghintay doon, ang sabi niya,"Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay, at Siya'y tatayo sa lupa sa huling mga araw." Naroon ang isang matuwid na lalaki, isang sakdal na lalaki. Nag-alay siya ng hain; ginawa niya ang lahat ng sinasabi sa kaniya ng Diyos. Ginawa niya iyon nang may pagpipitagan at paggalang; isa siyang propeta. At pagkatapos ay dumating si Satanas upang tuksuhin siya, katulad din ng dumarating siya upang tuksuhin kayo. Ano'ng ginagawa niya? Nanatili siyang nakatindig doon.

Maging ang asawa niya ay lumabas at nagsabi, "Bakit hindi mo sumpain ang Diyos at nang mamatay ka na. Kahabag-habag ang hitsura mo sa pagkaka-upo mo riyan."

Ang sabi niya, "Ikaw ay nagsasalita tulad ng isang babaeng hangal." Ngayon, hindi niya sinasabing hangal siya, ngunit nagsalita siya nang tulad ng isang hangal. "Ikaw ay nagsasalita tulad ng isang hangal na babae." Ang sabi niya,"Ang Panginoon ang nagbigay, at ang Panginiin ang kumuha, purihin ang Pangalan ng Panginoon." Nagtagumpay siya.

97 Pinagtagumpayan niya ang mga sinabi ng mga kapit-bahay. Pinagtagumpayan niya ang mga sinabi ng lahat ng mga miyembro ng simbahan at ni Bildad. Pinagtagumpayan niya ang mga obispo sampu ng lahat ng mga pinagsasabi niya. Pinagtagumpayan niya ang cardinal at ang mga pinagsasabi niya. Pinagtagumpayan niya ang denominasyon, ang mga pinagsasabi nila. At nanatili siya sa pag-aaaring ganap sa Salita. Amen. Gayunman, dahil dito ay nawala ang lahat ng pag-aari niya, maging ang kaniyang mga anak. Kinayod niya ang kaniyang mga pigsa sa pamamagitan ng isang pirasong basag na palayok habang nakaupo siya sa abo, gayunma'y nagtagumpay siya. At nang ang dakilang oras na iyon ng pagsubok ay mapagtagumpayan niya sa huli, ang mga ulap ay nahawi.

98 Tumingin siya sa bawat bagay na may katuwiran. Ang sabi, "May pag-asa sa isang puno kung ito'y mamatay; nabubuhay itong muli, At ang isang binhi ay nahuhulog sa lupa; ito'y nabubulok; ito'y muling nabubuhay. Ngunit ang tao'y namamatay; nalalagutan siya ng hininga, siya'y naaagnas, at ang mga anak niya'y dumarating, ang kaniyang mga anak na lalaki, upang parangalan siya at magdalamhati dahil sa kaniya; hindi niya iyon nalalaman. Hindi na siya nagbabangon. Oh, hayun na siya. Ano'ng dahilan? Ako rin naman ay isang binhi. Ako'y isang bagay na may binhi,at ako'y mapupunta sa lupa. Hindi na ako makakabangon pa; Mahihimlay na ako roon. Oh ikubli Mo nawa ako sa Sheol, ingatan Mo ako sa lihim na dako hanggang sa lumipas ang galit Mo. Itakda Mo ang aking panahon, at hatulan Mo ako. Kung papaanong inuukit ng tubig ang mga bato . . ." Oh, nagpatuloy siya sa pagsasabi ng lahat ng mga bagay na ito. Nakikita niya ang lahat ng halimbawa doon sa labas, kung ano nga iyon. Oh, sadyang hindi niya iyon maunawaan.

99 Sister Rodgers, naalala mo, ipinangaral ko iyon sa libing ni Busty? Kita n'yo, kung paanong inuukit ng tubig ang bato at kung paanong ang bagay na ito, lahat ng . . .

"O, ikubli Mo nawa ako sa Sheol at ingatan Mo ako sa lihim na dako." Patuloy siyang nagsusumigasig. Ang sabi niya, "Sana alam ko; sana alam ko kung sinong tao ang maaari kong tunguhan na maaaring humawak sa akin, isang taong makasalanan, at kausapin ang banal na Diyos para sa akin." Ay, naku. "Naroroon siya. Alam kong naroroon siya. May isang makakagawa niyaon. May isa kung saan. Saan ko ba maaaring matagpuan ang Personang iyon? Saan ko kaya masusumpungan. Ako'y kakatok (Kumatok si Brother Branham sa pulpito -Ed.) sa Kaniyang pinto at makikipag-usap ako sa Kaniya. Kung mayroon lang sanang isang makakahawak sa akin at sa Diyos at makapamamagitan para sa akin." Kakausapin . . . Kung makikita ko lang ang Panginoon iyon. Oh, nasaan kaya Siya?

100 Naghanap siya sa kaniyang iglesia, naghanap siya sa kaniyang organisasyon, wala siyang nasumpungang gayong Persona.

At bigla na lamang nahawi ang mga ulap at nakita niya ang dumarating na Personang iyon. Oh, ang puso niya'y pumintig sa kagalakan. Pagkatapos ay may nangyari, "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay." Mayroong gayong Persona. Amen. Mayroon pa ring gayong Persona hanggang ngayon. "Talastas ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay. At bagama't matapos wasakin ng mga uod ang aking balat, ang katawang ito, gayon ma'y makikita ko ang Diyos sa aking laman, Siyang makikita ko ng sarili. Siya'y tatayo sa ibabaw ng lupa sa huling mga araw."

101 Sa umagang iyon ng Pasko ng Pagkabuhay nang Siya'y magbangon doon, at bagama't ang katawan

ni Job ay isang kutsara na lamang ng abo, naghintay siya; kasama siya ng hinirang na grupong iyon. Nagbangon siya mula sa libingan at pumasok sa bayan na ksama ni Abraham, Isaac at Jacob. Si Job. Ay, naku. Luwalhati. Amen. Sapagkat naghintay sila sa gayong uri ng Persona . . .

At sa mga naghihintay kay Cristo sa pangalawang pagkakataon, na makapagtatagumpay sa mga bagay ng sanlibutang ito sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya, upang makapasok sa kaniya at maisara ang mga mata sa anumang bagay maliban sa kaniya at sa kaniyang Salita, sa kanila ay muli Siyang magpapakita sa kaluwalhatian.

"Sapagkat tutunog ang pakakak ng Diyos, at ang mga nangamatay kay Cristo ay magbabangon, ang mga nangabubuhay na nangatitira ay babangunin sa isang saglit, sa isang kisapmata at aagawing magkakasama upang salubungin Siya sa himpapawid."

102 Kung ako man sa pagkakataong iyon ay isang kutsarang abo na lamang, o kung ako ma'y nabubuhay pa sa Kaniyang pagdating, hindi na iyon mahalaga. Amen. Hindi na iyon mahalaga, sapagkat nasapo ko na ang pangitain. Ang tabing ay nahawi na, at nakikita ko Siya. Yaong maaaring tumayo at humawak sa akin, na isang makasalanang tao, at sa banal na Diyos, at Siya ang aking Pampalubag-loob. Siya ang Salita ng aking paninindigan. Sa pasimula ay ang Salita; Siya ang Salita iyon, at kinakatawan Niya ako. Ame. At sisigaw ako habang mayroon akong hininga. Siya ang aking Pagkabuhay na maguli at ang aking Buhay. At lahat ng iba pang saligan ay lumulubog na buhangin, lahat ng iba pang saligan ay lumulubog na buhangin.

103 Kung papaanong inagaw Niya silang mga nangaghihintay para doon, gayun din Siyang darating sa bawat banal ng Bagong Tipan na magtatagumpay sa bawat makadenominasyong kritiko, na nagtagumpay sa lahat ng palasak na mga kasalanan ng araw na ito, ng kapanahunang ito na kinabubuhayan natin ngayon, katulad din ng ginawa Niya sa lahat ng ibang mga kapanahunan ng iglesia. Yaong mga nagtagumpay sa kapanahunan ng iglesiang iyon, yaon mga nagtagumpay sa ano? "Ako ay mayaman. Hindi ako nangangailangan ang anuman. Mayroon akong . . . Oh, ako ay lahat ng ito, at lahat ng ito, at ako ang nobya. Ako ito: hindi ako nangangailangan ng anuman," at hindi mo nalalaman na ikaw ay hubad, bulag.

Nakikita n'yo ba ang mapandayang kapanahunan na tinutukoy ko? Hindi ito katulad ng mga pinugutan ng ulo noong unang panahon upang makuha ang puting bato, hindi katulad ng mga namatay sa ilalim ng pagkamartir at sinunog sa tulos at mga bagay na tulad niyon, na nagwagi ng korona, ngunit ito'y ang mapandayang kapanahunan ngayon, na kung saa'y iniisip nilang sila na ang lahat, "Buweno, ako'y miyembro ng iglesia. Mabuti akong lalaki. Mabuti akong babae. Ginagawa ko ito. Hindi ko na kailangan gawin iyan.

104 "Ngunit ang magtatagumpay," ang magtagumpay sa lahat ng mga makamundong bagay ng kapanahunang ito, ano'ng gagawin nila? Lahat sila'y uupong kasama Niya sa Kaniyang luklukan, sila'y maaagaw sa kaniyang pagdating. Ay, naku. Ano'ng dapat kong alalahanin ko kung gayon? Anong dapat nating alalahanin sa sinasabi ng mundo? Ano'ng dapat nating alalahanin sa sinasabi ng iba? Nasa ating kalagitnaan ang dakilang banal na Espiritu. Pinangungunahan at ginagabayan ng kaniyang Haliging Apoy . Nabibindika ang kaniyang Salita sa ating harapan. Nasa puso natin ang kaniyang pag-ibig. Nasa likuran natin ang sanlibutan. Lumipat na tayo sa Buhay mula sa kamatayan.

Iniisip ng sanlibutan na kayo'y mga baliw ngunit:

Si Jesus lang ba ang papasan,

Ng dalahin sa mundo? Mayroong pasanin ang bawat isa.

May krus para sa 'kin,

Tatlumpu't tatlong taon na ako sa larangan ng pangangaral, at, Banal na krus ay dadalhin, Hanggang sa 'king pagpanaw . . .

Tanggihan man ako ng aking mga kapatid at sabihin na nila anumang nais nila, kahit pa tanggihan nila ako, ngunit maninindigan ako sa Salitang ito at dito lamang. Banal na krus ay dadlhin, Hanggang 'king pagpanaw, Sa pag-agaw ay mapuputungan . . .

Iyan ang nais nating lahat, hindi ba? Iyan ang nais natin. Iyan ang ating - iyan ang ating pag-asa at kahilingan. Wala tayong ibang iniisip, kundi ang tungkol kay Jesus Cristo. At tanging sa Katwiran Niya lamang tayo nakatayo, sa katuwiran Niya sa Kaniyang Salita. "At ang Salita ay nagkatawang-tao at nanahan sa ating kalagitnaan." At binindika pa rin ng Salita ang Kaniyang Sarili.

105 Paano magtatagumpay? Sa pamamagitan ng pagtanggap sa Salita, sa pangako, nang may pagpapakumbaba, at sa paglakad nang buong kababaan, Banal na krus ay dadalhin, Hanggang sa 'king pagpanaw Sa Pag-agaw, ay mapuputungan. . .

Oh, kapag tumunog na ang trumpetang iyon, maaari ninyo akong ilibing sa karagatan, ngunit gigisingin ako ng trumpetang iyon. Isang araw, ay uuwi ako. Amen. Hanggang sa oras na iyon ay makikipagpunyagi ako (amen!) papasanin ko ang krus, itutuon ko ang aking mga mata hindi sa mga tao, kundi doon sa Kalbaryo, sapagkat Siya ang aking Halimbawa; ipinakita Niya kung paanong isasagawa iyon. At susundin natin nang may kagalakan ang Kaniyang halimbawa sa araw- araw. Susunod kay Jesus, sa bawat hakbang, Susunod kay Jesus, sa bawat hakbang . . .

106 Hindi n'yo ba gusto iyon? Oh, lagi kong iniisip ito: ang sundin Siya sa bawat araw, sa bawat paghakbang. Manalangin tayo.

Panginoong Jesus, isang oras at labindalawang minuto na ako ngayong nakatayo rito na nagsisikap na kunin ang Iyong Salita at ipaliwanag sa mga tao kung paano makapananagumpay. Sinabi Mo sa amin kung paano namin ito magagawa. Hindi Mo lang sinabi sa amin, bagkus ay ipinakita Mo pa nga kung paano itong magagawa. Pinangunahan Mo kami. Ipinakita Mo sa amin kung paano namin ito magagawa: tanggapin namin ang Salita sa aming kalooban tiyaking nanghahawakan kami sa Salitang iyon, "Nasusulat", sa bawat panunukso, ngunit kailangan naminng magpakumbaba, lumakad nang may kabanalan. Kung gayo'y nakapagtagumpay na kami sa pamamagitan Mo, sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan, na gumapi na sa aming kaaway. At ang tanging kailangan naming gawin ay - ay ang lumakad nang may pagpapakumbaba kalakip ang pananampalataya namin doon sampu ng aming tanda ng pagkakakilanlan ng Banal na Espiritu, at talagang lalayas si Satanas.

May mga panyong nakalapag dito. Kinakatawan ng mga ito ang mga taong may sakit. Nangangailangan sila, Panginoon. At nabasa nila sa walang kabiguang Salitang ito ang bahagi kung saa'y kumuha sila ng mga panyo at mga panaping napadaiti sa katawan ni San Pablo. Ang mga iyon ay ipinatong sa mga taong may sakit, nagsilabas sa kanila ang mga masasamang Espiritu. Ngayon, ikaw pa rin ang Panginoong Jesus sa araw na ito.

107 Ipinangaral ni Pablo ang Salitang ito at isinulat ang Salitang ito, ang siya ring Salita na sinisikap naming sundin, sapagkat kinuha niya ang Lumang Tipan, at ginawa iyong tularan, at ipinakitang iyon ay isang tipo, na ang buong Lumang Tipan ay isang sakdal na tipo ng Bagong Tipan. O Panginoon, tularan nawa namin ang halimbawang iyon.

Nakikita namin ang aming Panginoon, ang ginawa Niya, at napagtatanto namin ang mga banal na iyon sa Lumang Tipan, nalaman namin ngayong umaga na sila'y nagsilisan. Nang magbangon si Jesus, sumama sila sa Kaniya. At, Panginoon, naniniwala kami kapag pinatunog na Niya ang trumpetang iyon. Sinasampalatayanan namin iyon, na ang Nobya ay aalis sa araw na iyon, at sasama sa - sa Hebreong lupon Nito, at magsama-sama sila sa isang piging ng kasalan sa kaluwalhatian. Naghihintay sila.

Dalangin namin ngayon ang iyong habag at biyaya sa amin. Mga mananagumpay, Panginoon, hangad naming maging mga mananagumpay, Panginoong Jesus, nagtagumpay Ka sa sanlibutan. Ngayon, dalangin ko na itulot Mong isasantabi ng bawat taong naririto ngayong umaga ang bawat pagkakasala, isasantabi ang bawat pasaning napakadaling makapigil sa amin, upang magawa naming takbuhin nang may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa aming harapan.

Sinabi ito ni Pablo, makalangit naming Ama, sa aklat ng Mga Taga Hebreo, na dapat naming isantabi ang bawat pasanin, sa ika-12 kabanata, at sinabi niya ito matapos niyang ipakita sa pamamagitan ng halimbawa noong panahong iyon, yaong mga nagsipagpatuloy, yaong mga hindi nagpatuloy, yaong mga nagsisunod na malahininga, yaong mga napalagay sa unahan sa kanilang pagsunod, yaong mga nagpahuli, nagpakita siya ng halimbawa ng lahat. At pumihit siya at nagsabi,"Isasantabi natin ang bawat pasanin, bawat mumunting bagay na pumipigil sa atin, upang magawa nating takbuhin nang may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin, tumingin tayo sa kaniya, na May-akda at Tagapagsakdal ng ating pananampalataya, na nagbigay sa atin ng halimbawa." Ginagawa namin iyan sa umagang ito, Ama.

108 Ngayon, habang nakayuko tayo,,suriin natin maiigi, damhin nating maigi, at maging tunay tayong matapat. Kailangan lang - kailangan lang na . . . Iyan lang ang kailangan, ang iyong pagsusuri at ang inyong pagtatapat. Manalangin kayo nang husto habang sumusuri kayo ngayon, "Saliksikin Mo ako, Panginoon, subukin Mo ako. Mayroon bang anumang bagay na masama sa akin? Kung mayroon, Panginoon, hayaan Mong ilapag ko iyon dito ngayon din. Ang dakong ito kung saan ako nakayuko ay Iyong altar. At ilalapag ko ito, dito ngayon din. Aapakan ko ito, sa aking pag-alis. Mananatili itong nakalapag dito. Ang kapangyarihan ng Iyong Dugo ang tutupok dito. Nais kong maging isang mananagumpay. Mayroong bumabagabag sa akin, Panginoon. Nais kong magtagumpay sa umagang ito. Magagawa ko ito sa pamamagitan Mo; sinabi iyon sa akin ng Iyong Salita. Inilalapag ko ito ngayon, Panginoon, at tatakpan ko iyon sa paglabas ko sa gusaling ito ngayong umaga, aalis akong nakatitiyak na ito'y nailagay na sa - sa batya ng Diyos na puno ng kloroks. Hindi na iyon maaalala pa. Ikukumpisal ko na ngayon at hihingi ako ng habag."

Habang nakayuko tayo, nakapikit, nag-iisip ang ating mga puso, ngayon, iyan ang pintuan papasok sa kaluluwa, mayroon ka bang nais na isantabi ngayong umaga, isang bagay na nais mong

mapagtagumpayan, at nagsikap na kayong mabuti, ngunit sa umagang ito ay talaga bang ititigil na ninyo ang pagsusumikap; at tatanggapin na lamang ninyo kung ano ang ginagawa Niya? Nais ko itaas lang ninyo ang inyong mga kamay. Sabihin n'yo, Panginoon, nais kong magtagumpay. May isang bagay na bumabagabag sa akin."

109 Panginoong Jesus, nakikita Mo ang mga kamay na iyon, bilang lingkod Mo na tumatayo sa pagitan ng mga buhay at mga patay, hinahatulan ko ang bawat bagay na bumabagabag sa mga taong ito at sa akin,at hinihiling ko sa Pangalan ni Jesus Cristo na iwan namin itong nakalapag dito sa latar ng Diyos at kami'y makaaalis sa umagang ito nang malaya bilang mga mananagumpay.

Kung ang mga kapatid naming kababaihan ay hindi pa nakatatanggap ng biyaya, maipagkaloob nawa ngayon, Panginoon. Kung ang mga kapatid naming kalalakihan ay hindi pa nakatatanggap ng biyaya, maipagkaloob nawa ito ngayon. At ang pagpapakumbaba nawa'y . . . Ang ina sampu ng kaniyang mga anak, sa halip na magmataas, nalalaman niyang nakaupo siya . . . Isa siyang mangangaral sa mga batang iyon; ang buhay ay nagsisilbing isang halimbawa. Ang ama ang nagsisilbing halimbawa ng ina, sapagkat siya ang ulo ng sambahayan. At ang ina na ginagawa siyang sunud-sunuran; huwag nawa niya iyong gagawin muli. Kung ginagamit ng ama ang ana tulad sa isang basahan, huwag na nawa niya itong gagawin pang muli; siya ay katuwang niya. Itulot Mo po ito, Panginoon. Lahat nawa ng mga bagay na ito na humahadlang sa amin, Panginoon, ay maalis.

110 Kami'y - inilalaan namin ang aming mga sarili, Ama, para sa panahon ng buhay na aming haharapin, nalalaman naming darating at darating kami sa dulo nito, at hindi magtatagal. Kaya't sa umagang ito sinasamantala namin ang pagkakataon pagkatapos ng mensaheng ito, sinasamantala namin ang pagkakataon, Panginoon, upang lumapit kami, sapagkat naanyayahan kaming lumapit: Ilagak ninyo ang inyong mga alalahanin sa Kaniya sapagkat kayo'y ipinagmamalasakit Niya." Alam kong nagmamalasakit Ka, Panginoon. Sapat ang malasakit Mo na nagawa Mong mamatay para sa amin. At kami'y tunay na makapagmamalasakit din naman upang lumapit at tanggapin ang bagay na naging dahilan ng Iyong kamatayan.

Pakabanalin Mo kami, Panginoon. Muli Mo kaming puspusin ng Banal na Espiritu. Maghari nawa ang Banal na Espiritu sa aming mga puso, sukdulan upang kami'y lumakad nang nililimot ang mga bagay na nakaraan, ang dumi at lusak na dati naming kinasadlakan, at kami'y magtutumulin sa hangganan ng mataas na pagkatawag, kung saan ang liwanag namin ay maaaring magningning sa katamisan at pagpapakumbaba, hanggang sa magawang sabihin ng bawat na nagdaraan na, "May isang Cristianong nakatira sa burol na iyon. Ang taong iyon, ang babaeng iyon, ang lalaking iyon ay isang tunay na bulaklak na nakalaan sa Diyos. Napakagiliw at napakabait nila, lagi silang mapagmahal, at magiliw, at maunawain." Itulot Mo ito, Ama. Pag-alatin Mo kami, upang ang mundo'y mauhaw. Itulot Mo ito, Ama, at mapagtagumpayan nawa namin ang mga bagay ng sanlibutang ito at ang mga alalahanin ng buhay na ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, Amen. Siya sa a . . .(Ngayon, itaas natin ang ating mga kamay.). . . tumatawag, (Ano ang panawagan? "Umahon kayo sa putikan." Isang mataas na buhay, may kung anong nasa inyo na humihila sa inyo sa direksiyong iyon. Ano iyon? Siya iyon sa kilaliman ng putik, mumunting mga bulaklak, Buhay kayo roon na tumutulak sa inyo) Siya sa aki'y tumatawag,(Iyon ang tumatawag sa inyo. Umahon ka sa putikan.) sundan, mo Ako.

111 Ngayon, taos ba iyan sa inyong puso? Ngayon, magsipikit kayo. Siya sa aki'y umaakay, (Ngayon,, isuko n'yo ang inyong sarili; taos sa puso n'yo ngayon.) Siya sa aki'y umaakay, Siya sa aki'y umaakay, Susundan Siya hanggang sa wakas Siya sa aki'y . . . (Buong giliw ngayon. Alalahanin, ilapag n'yo riyan ang inyong Sarili.) Siya sa aki'y . . . (Inilalatag ko ito, Panginoon Susunod ako sa Iyo magmula ngayon. Tinatanggap Ko ito; Sinasampalatayanan ko ito.) Siya sa aki'y . . . (Alalahanin, mas malakas Ang pagpapahayag ng buhay ninyo kaysa sa inyong bibig. Ang pamumuhay n'yo ang higit na magpapatunay sa mga tao kaysa sa sinasabi n'yo) . . . sundan Siya. Hanggang sa (Hanggang - saan?) sa wakas. [Nagsimulang humimig si Brother Branham ng "Saan Mo Man Ako Akayin" -Ed]

IIalaan ninyo ang inyong sarili, nang taimtim, nang may katapatan, nang buong puso n'yo. Ano kaya kung ito na ang huling pagkakataon na kayo'y pahintulutang manalangin? Maaaring mangyari iyan! Sana naman ay hindi pa. Maaaring mangyari iyan. At pakatiyakin ninyo ngayon, pakatiyakin ninyo. Alalahanin, ang pinto ay ipipinid na isang araw; kung gayo'y matatapos na ang lahat. "Hilingin ninyo at inyong tatanggapin. [Sinnimulang himigin ni Brother Branham ang koro -Ed]

Isipin na lang ninyo ang lahat ng luwalhating inalok Niya sa inyo noon, lahat ng bagay na Kaniyang . . . "Sumasampalataya ako, Panginoon. Sumasampalataya ako. Sumasampalataya akong ikaw ang aking Mananagumpay. Lalakad akong kasama Mo, Panginoon. Nais kong manatiling malapit sa Iyo, upang kung nasaan Ka, ay doon ko naising tumungo.."

112 At alalahanin Mo nawa, na sinabi Mo saamin, Ama, na makakapiling namin ang Panginoon magpakailanman kapag kami'y naagaw na.Nasusulyapan lang namin Siya ngayon, habang lumalakad Siyang kasama namin ngayon, ngunit sa panahong iyon kami ay . . ." Napakadakilang bagay na

malamang Siya'y nasa aming kalagitnaan? Gustong-gusto namin ang mga bagay na ginagawa namin. Maaari kaming lumabas para mamasyal. Maaari kaming manmili. Maaari kaming mangaso at mangisda, a anuman ang maaaring ginagawa namin nang may kasiyahan, ngunit, oh, kapag nagbubukas ang simbahan, nais naming makatagpo ang aming Panginoon. Ang pinakadakila sa lahat ay ang mga bagay na ipinangako Niya sa amin; ”At makapiling namin ang Panginoon magpawalang hanggan, uupong kasama Niya sa Kaniyang luklukan, at makapiling Siya magpakailanman.“ O, Diyos, buong pagpapakumbaba namin itong tinatanggap habang kami'y nakayuko, Panginoon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo.

113 Ang pakiramdam n'yo ba'y magagawa na ninyo ngayong iwan ang lahat, ang bawat pasanin, magawa kaya ninyong yapakan ito ngayon? Kung gayon, itaas ninyo ang inyong mga kamay at sabihin, “Sa biyaya ng Diyos ay inilalapag ko ang pagsubok na ito. Hindi ko na ito lalabanan. Hahawakan ko na lang ang Kaniyang kamay, at magsisimula akong magpapatuloy sa paglalakad. Nagpunyagi ako, Brother Branham; sinikap ko nang tumigil sa paninigarilyo. Sinikap ko nang pahabain ang aking buhok. Sinikap ko nang gawin ito. Ginawa ko na . . . Nagsikap mtalaga ako, Brother Branham;ngunit sadyang hindi ko magawa.” Huwag na ninyong pagsikapanm. Hawakan na lang ninyo ang Kaniyang kamay at sabihin, “Ama, isuot Mo ang kamay ko sa manggas.” Kita n'yo? Inabot ko na lang sa Iyo ang aking Kamay; magpapatuloy ako, Panginoon, nang nakatuon ang aking paningin sa Iyo.“ Ito'y mangyayari. Daramtan ka Niya tulad sa isang tunay na Cristiano. Magiging isa kang tunay na Cristiano.

Hanggang sa pagkikita natin mamayang gabi, mahal kayo ng Diyos at sumainyo nawa Siya. Kayo ang mga anak sa Ebanghelyo. Kayo ang mga binhi.

Ngayon, ibibigay kong muli sa inyo ang inyong pastor . . .?. . . Brother Neville.

MESSAGE hub online

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7